# gabay SA BIBLIA

Pang-araw-araw na Pagninilay Para sa Katoliko

SHEPHERD'S VOICE

# gabay SA BIBLIA

## Pang-araw-araw na Pagninilay Para sa Katoliko

Ang GABAY na isinalin sa Tagalog mula sa DIDACHE ay patnubay sa pang-araw-araw na pagninilay sa Biblia na inilalabas taun-taon. Hinihikayat nito ang mga Katoliko na gumamit ng Banal na Kasulatan, at hangad din nitong makatulong sa paglago ng espirituwalidad ng mga mambabasa. Ang alinmang bahagi ng libreta ito ay maaaring gamitin nang may permiso ng mga tagapaglathala.

EDITORIAL STAFF

Editor in Chief: RISSA SINGSON-KAWPENG

Proofreaders: TESS ATIENZA
GEORGE GABRIEL
DINA PECAÑA
JUDITH CONCEPCION
LEEANNE SY CHAN

Translator: NOVA ARIAS

Layout: REY DE GUZMAN
Editorial Asst.: ANGIE ESPUERTA

Our Cover: REY DE GUZMAN
Images: RAYMUND STO. DOMINGO, WWW.PHOTOS .COM

SHEPHERD'S VOICE PUBLICATIONS, INC.
60 Chicago St., Cubao, Quezon City 1109 Philippines
P.O. Box 1331 Quezon City Central Post Office 1153 Quezon City
Tel.: (632) 725-9999/Fax: (632) 727-5615 or 726-9918
E-mail: sale@shepherdsvoice.co.ph/subscription@shepherdsvoice.com.ph

Copyright © 2010 by Shepherd's Voice Publications, Inc.

SHEPHERD'S VOICE

*Inspiring You to Live a Fantastic Life!*


# Paunang Salita

## Ang Mga Kinalimutan

Naglalaan ako ng maraming oras sa pakikipaglaro sa mga anak ko. Bawat araw, nagbibisikleta kami ng bunso kong si Francis sa loob ng village. Isang beses sa isang linggo, may one-on-one breakfast kami ng panganay kong si Bene. Gustung-gusto naming nauupo sa sahig at naglalaro ng mga laruang kotse, eroplano, tren, o kahit anong paborito nilang laruin sa sandaling iyon. Natutuwa silang makinig kapag binabasahan ko sila ng mga libro, lalo na tuwing bago sila matulog. O paminsan-minsan, gumagawa kami ng sarili naming kuwento. Madalas din magbakasyon ang pamilya namin at hino-homeschool pa ng asawa ko ang mga anak ko dahil lubos kaming naniniwala sa paglalaan ng oras sa mga bata.

Pero di tulad ng mga anak ko, may mga batang walang pamilya at walang tirahan. Sila'y mga pinabayaan. Lumalaki silang mga tagapulot ng basura, tindero ng sampagita o sigarilyo, manlilimos, magnanakaw, durugista o mga batang patutot.

May tirahan kami para sa kanila. Binibigyan namin sila ng pag-aarugang kailangang-kailangan nila, at tinatawag namin itong Tahanan ng Pagmamahal.



Ang Tahanan ng Pagmamahal ay likhang isip ng kaibigan kong si Rey Ortega. Kinukupkop namin ang mga batang naulila, inabanduna at napapabayaan — kadalasan, ng lipunan. Libu-libo sila sa Metro Manila at kung saan-saan pero, sa limitado naming mga panustos at pasilidad, kaunti lamang sa kanila ang kaya naming kupkupin. Ang patuloy naming pinagsisikapan ay ang makahanap ng sapat na panustos nang maibigay namin sa kanila ang mga pang-araw-araw nilang pangangailangan — pagkain, damit at mga kagamitan sa eskuwela.

Maliban sa Tahanan ng Pagmamahal, sumusuporta rin kami sa He Cares Foundation na nag-aaruga sa mga batang palaboy. Ang He Cares ay itinatag ng isa pang kaibigan ko, si Joe Dean Sola, kasama ang asawa niyang si Ardis. Nagpapatakbo sila ng isang bahay para sa mga batang palaboy na pinupulot

nila sa Metro Manila.

May ilang mga proyektong pangkabuhayan ang He Cares para turuan ang mga batang tumayo sa sarili nilang mga paa. May mga programa sila para sa kalusugan, edukasyon at espirituwal na pagkain ng mga bata.

Kamakailan, itinatag namin ang Grace to Be Born, isang silungan para sa mga dalagang ina at sa kanilang mga anak. Dito, tinutulungan namin ang mga dalagang nais ipalaglag ang kanilang ipinagbubuntis sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng matutuluyan at ng pangangalaga hanggang sa kanilang panganganak. At pagkatapos ay inaalagaan namin ang mga sanggol nila hanggang sa makahanap kami ng pamilyang kukupkop sa kanila.

Siguro iniisip ng mga tao na marami na kaming naitulong sa mga batang kapus-palad. Pero ni hindi pa namin talaga alam kung paano ang mag-alaga ng mga bata. Hindi namin natatapos ang mga dapat tuparin. Bawat araw hinihiling kong mas may magawa pa sana ako para sa mga batang ito.

At naririyan din ang Anawim, ang aming tahanan sa Montalban para sa mga matatandang tinalikdan ng kanilang pamilya.

Noong binata pa ako, tumira ako sa Anawim para mapaglingkuran ang mga lolo at lola na napulot namin sa lansangan — naliligaw o inabandona ng kanilang pamilya. Bawat isa sa kanila'y may malulungkot na kuwento kung paano sila pinagsawaan na lang basta ng pamilya at ipinaubaya sila sa mga kamay ng Diyos. Kung nadarama mong tinatawag ka ng Panginoon para suportahan ang alin man sa aming mga gawain, tawagan mo kami sa 725-9999. Maaari ka ring sumali sa Kerygma Family (www.kerygmafamily.com) kung saan ka makapagbibigay ng donasyon online at makatatanggap ng gabundok na materyales bilang pagkain para sa kaluluwa. Bawat araw, tinatawag tayo ng Diyos na maging mga instrumento Niya para tulungan ang bayan Niyang kinalimutan. Sama-sama nating ipakita sa mundo ang pag-ibig Niya.

Nawa'y matupad ang mga pangarap mo,

BO SANCHEZ

1

BIYERNES

ENERO

**Mga Bilang 6:22-27**
Salmo 67:2-3, 5, 6, 8 (2a)
Galacia 4:4-7
Lucas 2:16-21

*Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos*

*"Pagpalain ka nawa at ingatan ni Yahweh!" – Mga Bilang 6:24*

# MANGARAP NANG LUBOS

Ilang taon na ang nakalilipas, sinimulan namin ang pagdarasal ng *Novena to God's Love* sa *The Feast*, ang *prayer gathering* namin tuwing Linggo sa Valle Verde Country Club sa Pasig City.

Napakasimple ng dasal pero libu-libong tao na nagdarasal nito ang nabibiyayaan na. Ang maliit na libreta ng nobena ay may mga blangkong pahina kung saan puwedeng isulat ng mga tao ang mga minimithi nila sa kasalukuyang taon. At maniwala ka, nakatatanggap na kami ng mga patotoo tungkol sa mga nasagot na dasal, natupad na pangarap, mga nagaganap na milagro — dahil sa araw-araw nilang ipinagdarasal ang mga pangarap nila at may ginawa sila para makamit ang mga ito!

Kaibigan, sa pagpasok ng taon, pagtuunan mo ang mga pangarap mo sa buhay. Mangarap ka nang lubos at walang takot — dahil walang imposible sa Diyos. Araw-araw mong itaas ang mga ito sa pananalangin.

Pero, eto ang sikreto: huwag mo lang silang isulat at ipagdasal. Kumilos ka patungo sa katuparan nila bawat araw. At pagpapalain ng Diyos ang mga ito! *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: Ano ang mga gusto mong mangyari sa taong ito sa iba't ibang bahagi ng buhay mo?

*Inilalatag ko sa Iyo, Panginoon, ang mga pangarap ko't hangarin sa taong ito. Samahan Mo ako, Panginoon, sa pag-abot ko sa mga ito. Kung Ika'y nasa tabi ko, alam kong walang imposible.*

***Banal na Berka Zdislava, ipanalangin mo kami.***

**2**
SABADO
**ENERO**

**1 Juan 2:22-28**
Salmo 98:1, 2-3ab, 3cd-4
Juan 1:19-28

*At ito naman ang ipinangako sa atin ni Kristo, ang buhay na walang hanggan. – 1 Juan 2:25*

# ANG PANGAKO

"Binalikan mo ako," di-makapaniwalang sinabi ng batang babae habang humahagulgol. Yakap ang anak, sumagot ang ama, "Sinabi ko sa 'yong babalik ako." Isa ito sa mga eksenang tumimo sa akin sa pelikulang *Taken*. Tungkol ito sa isang retiradong ahente ng CIA sa US na ginawa ang lahat para iligtas ang anak sa isang sindikato sa Paris. Sa simula, para payagan siya ng ama niya na pumunta sa Paris, nangako ang anak na tatawag siya paglapag doon. Pero nakalimutan niya ang pangakong ito nang dumating siya roon hanggang sa dinukot siya ng sindikatong sangkot sa *human trafficking*.

Nasasanay tayo sa mga bigong pangako sa paligid natin kaya't madali para sa atin ang ipagwalang bahala ang kahalagahan ng pangako sa atin ng Diyos — buhay na walang-hanggan. Hindi lang ito tungkol sa buhay na walang-hanggan kundi sa buhay na maluwalhati kung saan kaisa natin ang Diyos. Marami sa atin ang nagmimithi ng ganitong buhay, pero nakalulungkot na ilan lang ang nananatiling tapat sa Diyos. Dumating si Hesus para iligtas tayo. Ang tanging hiling lang Niya ay ang tumawag tayo palagi sa Kanya at sumunod. Huwag tayong pananaigan ng mga mababaw na pangako ng mundo. May buhay na higit pa sa buhay natin ngayon at isang pangako na siguradong matutupad. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Ang luwalhating naghihintay sa atin ay higit pa sa naranasan na natin.

*Hesus, ipaalala Mo sa akin na walang halaga ang mga bagay sa mundo kumpara sa isang buhay na maluwalhati sa piling Mo. Amen.*

***San Caspar del Bufalo, ipanalangin mo kami.***

**3**

LINGGO

**ENERO**

**Isaias 60:1-6**
Salmo 72:1-2, 7-8, 10-11, 12-13
Efeso 3:2-3a, 5-6
Mateo 2:1-12

*"Bumangon ka, Herusalem, at sumikat na tulad ng araw. Liliwanagan ka ng kaluwalhatian ni Yahweh!"*
*– Isaias 60:1*

# MGA MEDALYA

Ang Marso 2008 ay naging espesyal na buwan para sa pamilya ko. Nag-uwi ng ilang mga medalya ang dalawang anak ko dahil naparangalan silang mga mahuhusay na mag-aaral.

Hiniling kong huwag nilang hubarin ang mga medalya para makita ng lahat ang mga tagumpay nila. Suot nila ang mga ito mula sa eskuwela hanggang sa restawran kung saan kami nagdiwang, hanggang sa makauwi kami. Inilagay ko rin sa Internet ang mga retrato nila para makita ng mga kamag-anak at kaibigan namin. Lalo kong ipinagmalaki ang mga anak ko dahil sa mga parangal na nakuha nila.

Tulad ko, ipinagmamalaki ka rin ng ating Ama. Ang pagkakaiba lang, hindi Niya kailangang makakita ng medalya sa leeg mo para ikatuwa ka Niya. Ang paggawa mo ng mga munting kabutihan ay higit pa sa sapat para masabi Niyang, "Tingnan niyo, ito ang anak kong pinakamamahal." *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: May medalya o wala, hindi nagbabago ang pag-ibig ng Diyos para sa iyo.

*Panginoon, nawa'y maging salamin ako ng kaluwalhatian Mo. Nawa'y madama ng iba ang pag-big Mo sa mga Gawain ng pagmamahal na naibabahagi ko sa kanila. Amen.*

***Sta. Bertilia, ipanalangin mo kami.***

# 4

LUNES

ENERO

**1 Juan 3:22-4:6**
Salmo 2:7bc-8, 10-12a
Mateo 4:12-17, 23-25

*Natatanggap natin ano man ang hinihiling natin sa Panginoon sapagkat sinusunod natin ang kanyang utos at ginagawa ano mang kaaya-aya sa kanya. – 1 Juan 3:22*

## PANALO!

Noong Hunyo 2008, naatasan akong gawin ang *souvenir program* ng pagdiriwang ng ika-28 anibersaryo ng Light of Jesus. Medyo nagkagastos ako sa paggawa nung magasin, pero di ko na siningil kasi yabang ko kay Lord, "OK lang, Lord, para naman sa Iyo ito."

Subalit, gaya nang parati naming sinasabi sa aming pamayanan, "Basta't sa bigayan, si Lord hindi patatalo." Noong Mayo, sa isang *raffle*, nanalo ako ng isang *massage chair*. Di ko naman kailangan ito. Ang talagang kailangan ko ay *laptop*. Kaya't nag-email ako sa mga kaibigan ko, para ipagbili yung *massage chair*.

Walang sumasagot sa akin hanggang noong Setyembre 6, 2008. Sa araw na ito ko natapos yung *souvenir program*. Sa araw ring ito binili ng isang miyembro ng Light of Jesus yung *massage chair*—sa halagang kailangan ko para makabili ng inaasam-asam kong laptop!

Noon ko lang napagtanto na bago ko pa tanggapin yung trabahong gawin ang LOJ *souvenir program*, nabayaran na pala ako ni Lord. Talaga ngang tunay ang isinasaad sa Ebanghelyo ngayong araw na ito: Natatanggap natin ano man ang hinihiling natin sa Panginoon sapagkat sinusunod natin ang Kanyang utos at ginagawa ano mang kaayaaya sa Kanya. Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)

Pagninilay: Ano ang hinihiling mo kay Lord? Sumusunod ka ba naman sa mga utos Niya?

*Panginoon, tulungan Mong sumunod ako sa Iyo, hindi dahil may kailangan ako sa Iyo, kundi dahil mahal na mahal Kita.*

***Sta. Dafrosa, ipanalangin mo kami.***

**5**
MARTES
**ENERO**

1 Juan 4:7-10
Salmo 72:1-2, 3-4, 7-8
**Marcos 6:34-44**

*"Ang lahat ay nakakain at nabusog." – Marcos 6:42*

# LIBRENG MERIENDA

Ako'y namroblema. Ang aking *Caring Group (CG) head* ay nagtawag ng miting at wala akong pera pangkain. Kapos ako noon kaya kailangan kong magmenos ng gastos. Pinag-isipan ko at nagdesisyon akong pumunta na rin. Kakain na lang ako ng marami sa bahay at magbabaon ng biskwit para sa meryenda.

Nasa lugar ng tagpuan na ako ng alas dos ng mag-*text* ang *CG head* ko na mahuhuli siya. Alas tres, nakaramdam ako ng gutom. Kahit pa may biskwit ako, hindi ito sapat para mapawi ang gutom ko. At saka, ang itsura at amoy ng pagkain sa loob ng restawran ay lalong nagpagutom sa akin. Parusa talaga ito.

Nang dumating ang *CG head* ko ng 3:30, nagpaumanhin siya sa pagkahuli niya. Sinabi niya sa amin, "Dahil huli ako, ililibre ko kayo ng merienda."

Sa Ebanghelyo ngayon, si Hesus ay nakapagpakain at nakapagpabusog ng napakaraming tao kahit sa simula ay limang tinapay at dalawang isda lang ang meron sila. Biskwit lang ang meron ako pero ginawa ng Diyos na maging nakabubusog na meryenda. Natutunan ko na huwag mag-alala sa kahit na anong bagay dahil ang Diyos ay nagbibigay. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: "At buhat sa kayamanan Niyang hindi mauubos, ibibigay Niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Kristo Hesus." (Mga Taga Filipos 4:19)

*Panginoon, Ikaw ang aking dakilang tagapagbigay. Nagtitiwala ako na tutustusan Mo ang lahat ng aking pangangailangan.*

***San Carlos ng Sezze, ipanalangin mo kami.***

6
MIYERKULES
ENERO

1 Juan 4:11-18
Salmo 72:1-2, 10, 12-13
**Marcos 6:45-52**

*"Huwag kayong matakot. Ako ito! Lakasan ninyo ang inyong loob!" – Marcos 6:50*

# TUNAY NA *INSURANCE*

Mariing nangusap ang retrato sa unang pahina ng *business section* ng isang pahayagan: hawak ng isang tauhan sa *stock market* ang ulo niya, hindi makapaniwala sa mabilisang pagbagsak ng mga *stock market index*. Nangyayari ito sa buong daigdig, dulot ng pagdedeklara ng ilang pinansyal na institusyon sa US ng pagkabangkarote. Dahil sirang-sira ang kompiyansa ng tao sa mga *financial market*, ilang mga Amerikano ang bumili ng mga bulyon ng ginto at pilak.

Nang nangyari ito, kinonsulta ako ng mga empleyado ko kung itutuloy pa nila ang pagbababayad ng *insurance premium* nila sa isang higanteng kompanya na ipinagbibili na dahil nabangkarote na rin ang punong opisina nito sa US. Naibahagi ko sa kanila na noong araw, may nadiskubre akong ibang uri ng *insurance*. Kaya't tumigil na ako sa pagbili ng mga *insurance* para sa kotse at personal kong pangangailangan. Kailangan mo kasing magbayad ng malaking pera ngayon para magkaroon lamang ng halagang hindi naman ganoon kahalaga sa kinabukasan mo.

Sa halip, natuto akong magtiwala sa Diyos para sa tunay kong *insurance*. Sa pamumuhunan ko ng pera at oras sa paglilingkod sa Diyos, ginagantimpalaan Niya ako ng pinansyal na seguridad. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: "Sapagkat ang lahat ng pilak at ginto sa buong daigdig ay akin." (Ageo 2:8)

*Hesus, turuan Mo akong higit na magtiwala sa Iyo, lalo na sa panahon ng krisis.*

***Sta. Melanie, ipanalangin mo kami.***

**7**
HUWEBES
**ENERO**

**1 Juan 4:19-5:4**
Salmo 72:1-2, 14, 15bc, 17
Lucas 4:14-22

*Tayo'y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin. – 1 Juan 4:19*

# PAG-IBIG NA NAGBIBIGAY-LAKAS

Isang batang pastor ang pumalit sa pinakamamahal na tagapagtatag ng Kristiyanong komunidad. Sinuportahan siya ng karamihan maliban sa tatlong maiimpluwensiyang babae. Sa katunayan, pinahirapan nila ang batang pastor na ito sa pagsasagawa ng ministeryo niya.

Nabahala ang pastor nguni't isang gabi'y binigyan siya ng Panginoon ng isang panaginip. Napunta siya sa langit at may ipinakita sa kanyang isang eskultura ng buhay niya. Napakaganda nito; makulay at detalyado. Napakagandang tingnan! Tinatapos pa ang paglililok ng eskultura at inuukit ito sa lupa. Sinabi ng batang pastor, "Wow, Panginoon, ito ba ang gawain Mo sa buhay ko?" Tumango ang Panginoon at sinabing, "Utang mo 'yan sa mga tagaukit na kinasangkapan ko para buuin ang piyesang ito. Gusto mo ba silang makilala?"

Lumingon ang pastor at nakita niya ang tatlong babaeng nagpapahirap sa kanya.

Mahal tayo ng Diyos. Itong pag-ibig na ito ang nagbibigay ng lakas sa ating mahalin ang mga mahirap mahalin. Nagpapadala siya ng mga tao sa buhay natin hindi lamang para mahalin natin kundi para Siya'y makalikha ng mas maganda't mas malaking bagay sa buhay natin sa pamamagitan ng pag-ibig Niya. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Sino sa buhay ko ang mga taong mahirap pakisamahan na hinihikayat ng Panginoon na mahalin ko ngayon?

*Panginoong Hesus, pahintulutan Mong bigyang-lakas ako ng pag-ibig Mo!*

***San Aidric, ipanalangin mo kami.***

8

BIYERNES

ENERO

**1 Juan 5:5-13**
Salmo 147:12-13, 14-15, 19-20
Lucas 5:12-16

*Ang sinumang pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay mayroong buhay na walang-hanggan... – 1 Juan 5:12*

# ESPESYAL NA TIKET

Nakapila ako para manood ng isang *concert* nang nakita ko ang isang kaibigan ko sa pila ng mga VIP. Nakipagsiksikan ako sa mga tao papunta sa kanya at tinawag ko siya, sa pag-asang makukuha ko ang atensyon niya. Mabuti na lang nakilala niya ako't niyayang pumasok kasabay niya. Nang nakarating kami sa pasukan, nagtatakang tumingin sa akin ang tumatanggap ng tiket pero mabilis na sinabi ng kaibigan ko, "Kasama ko siya." Walang anu-ano, pinapasok ako't pinaupo sa tabi ng mga VIP.

Hindi ba't napakasayang mapaboran at mabigyan ng espesyal na atensyon? Dumating si Kristo't inialay sa atin ang buhay Niya para maaari tayong makalapit sa Ama. Si Hesus ang espesyal nating tiket patungong buhay na walang-hanggan. Nguni't dapat nating tawagin ang pangalan Niya sa kabila ng mga haharapin nating mga pagsubok, nang tayo'y kilalanin Niya sa pagsapit ng oras na makakaharap na natin Siya.

Napakasarap sigurong marinig mula kay Hesus ang mga salitang, "Kasama ko siya." At kasabay ang mga anghel na nagsasaya sa langit, makikita ko ang sarili ko sa matinding yakap ng Diyos. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Si Kristo ang susi patungo sa Diyos. Nasa sentro ba Siya ng buhay natin?

*Amang nasa langit, salamat sa pagbigay Niyo sa akin ng daanan sa Iyong napakagandang mga biyaya sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesus. Amen.*

***San Albert ng Cashel, ipanalangin mo kami.***

9

SABADO

ENERO

1 Juan 5:14-21
Salmo 149:1-2, 3-4, 5, 6a, 9b
**Juan 3:22-30**

*"Kayo mismo ang makakapagpatunay na sinabi kong hindi ako ang Kristo; isa lamang akong sugo na mauuna sa kanya." – Juan 3:28*

# PAGKILALA NG KATAYUAN SA MISYON

Alam na alam ni San Juan ang kanyang papel sa pagdating ni Kristo Hesus. Hindi niya kailanman inangkin ang papel ni Hesus bilang Mesias.

Sa ating buhay, mayroong mga pagkakataon na tayo ay matutukso na agawin ang karangalan ng iba para lang maiangat natin ang ating sarili, kahit ang kahulugan nito ay ang pagtapak natin sa ating kapwa.

Ang pagkamit ng tagumpay sa ganitong pamamaraan ay mauuwi lamang sa pighati at sa walang kabuluhan. Ang tunay na tagumpay ay hindi lamang ang paglago ng sarili sa karunungan at pagpapakumbaba kundi ang paglago din ng maraming tao nang dahil sa iyo.

Gawin nating hangarin na maging kalugod-lugod sa Diyos sa lahat ng ating gagawin at tayo ay makasisiguro na ang lahat ng bagay ay malalagay sa ayos. *Jess Santos (jesus_santos_07@yahoo.com)*

Pagninilay: Tayo ba ay nantapak na ng ibang tao para lamang sa sarili nating ambisyon?

*Mahal naming Diyos, tulungan Mo akong maging sensitibo sa mga pagkakataong inaangkin ko ang karangalan na ukol sa iba. Biyayaan Mo ako ng lakas at tibay ng loob na magawa ang tama sa tuwing ako ay mahaharap sa ganitong sitwasyon, sa ngalan ni Hesus. Amen.*

***San Vitalicus, ipanalangin mo kami.***

**10**

LINGGO

**ENERO**

**Isaias 40:1-5, 9-11**

*Kapistahan ng Bautismo ng Ating Panginoon*

Salmo 104:1b-2, 3-4, 24-25, 27-28, 29-30 (1)
Tito 2:11-14; 3:4-7
Lucas 3:15-16, 21-22

*"At tulad ng pastol, yaong kawan Niya ay kakalingain, sa sariling bisig yaong mga tupa'y kanyang titipunin…." – Isaias 40:11*

# ANG MABUTING PASTOL

Ang alaga kong pusa na si Casper ay hindi magana sa pagkain – mapili sa ulam at parang ibon kung kumain. Kapag hindi siya kumain, normal lang 'yon. Noong isang taong gulang siya, hindi kumain si Casper ng limang araw. Namayat siya at nanghina. Natakot ako kasi kapag ito'y nagpatuloy pa, baka siya mamatay. Kaya dinala ko siya sa beterinaryo at iniwan doon para magamot.

Kinabukasan binisita ko siya. Nang makita ko siya sa loob ng kulungan na mukhang mahina at walang kalaban-laban, nahulog ang puso ko. Nasaktan akong makita siya sa ganoong kalagayan. Nang siya ay nakalabas na sa klinika, ipinagpatuloy ko ang pagbibigay sa kanya ng kanyang mga gamot at ng aking kalinga. Siya'y bumuti at nagkagana ng kumain. Ngayon siya ay apat na taong gulang na at malakas at malusog.

Kung ako'y nagkaroon ng awa sa isang pusang may sakit, paano pa kaya ang Ama natin sa langit sa atin? Alam ng Diyos ang ating mga sakit, pagdurusa at alalahanin. Kapag tayo'y nasasaktan, nadudurog ang puso Niya. Maaari na tayong mapanatag, na tulad sa isang pastol, aalagaan Niya tayo, kakalingain, poprotektahan, at parating nasa tabi natin. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: "Aaliwin kita… tulad ng pag-aliw ng ina sa kanyang anak." (Isaias 66:13)

*Hesus, aking walang-hanggang Pastol, ang aking kaluluwa ay napapayapa sa Iyo.*

***San Thomain, ipanalangin mo kami.***

**11**

LUNES

**ENERO**

1 Samuel 1:1-8
Salmo 116:12-13, 14-16, 18-19
**Marcos 1:14-20**

*"Sinabi ni Jesus, 'Sumama kayo sa akin at kayo'y gagawin kong mamamalakaya ng tao.'" – Marcos 1:17*

## MAMAMALAKAYA NG TAO

Umuulan-ulan at madilim pa ang umaga. Hindi mo akalaing gising na gising na ang mga miyembro ng BLD GK (Bukas Loob Sa Diyos Gawad Kalinga) *ministry*. Sila ay galak na galak na patungo sa Cabiao, Nueva Ecija upang maibahagi ang isang *Basic Bible Seminar*. Ito na siguro ang pinakaunang pagkakataon ng mga dumalo na makahawak ng isang Biblia na aming pinamigay. Sa gitna ng kanilang kagalakan, napansin ko ang isang lalaki na nakaupo sa sulok, na tila nahihirapan sa unang gawain. Napag-iwanan na siya ng buong klase sa pagsusulat ng pamagat ng mga iba't-ibang aklat ng Biblia.

Agad ko siyang nilapitan at saka ko naunawaan. Hindi siya halos marunong magsulat at pinagtitiyagaan kopyahin sa *blackboard* ang bawat titig ng pamagat. Ngunit sa kabila nito ay hindi mapigilan ang kanyang pananabik sa Salita ng Diyos.

Gabi na at malakas ang buhos ng ulan nang kami ay umalis sa Fr. Lehman's BLD GK Village ng Linggong yun. Kami ng asawa kong si Raul at marahil ang mga iba pa naming kasamahan ay pagod, malagkit ang pakiramdam at amoy-pawis. Subali't ang aming mga puso ay punong-puno ng kasiyahan at pagmamahal ng Diyos. *Mari Sison-Garcia (mari_sison_garcia@yahoo.com)*

Pagninilay: "Huwag mong tingnan ang kanyang taas at kakisigan… Panlabas na anyo ang tinitingnan ng tao ngunit puso ang tinitingnan ko." (1 Samuel 16:7)

*Panginoon, tuluyan Mo po kaming gamitin sa pagpapalaki ng Iyong kaharian.*

***San Boadin, ipanalangin mo kami.***

12
MARTES
ENERO

1 Samuel 1:9-20
1 Samuel 2:1, 4-5, 6-7, 8abcd
**Marcos 1:21-28**

*Dahil dito, mabilis na kumalat sa buong Galilea ang balita tungkol kay Hesus. – Marcos 1:28*

# MAGKAKABAGAY

Ilang taon na ang nakalilipas, pumunta kami ng misis ko sa *garage sale* ng isang kaibigan namin. Bagama't wala kaming naisip na partikular na bagay na bibilhin, naisip naming baka may magustuhan kaming mga maliliit na bagay doon.

Nakabili kami ng ilang maliliit na paninda at isang malaking bagay — isang *dining set*. Naibigan namin ang salamin nito sa ibabaw, ang kulay tsokolate na katawan at kulay kremang tapete nito na gawa sa balat. Ang kaso, napansin namin ang problema nang ipinupuwesto na namin ito sa bahay. Hindi ito bumagay sa kulay ng dingding at mga kagamitan namin! Kaya dahil sa simpleng mesang nabili namin, nagpapintura tuloy kami ng mga dingding, naglagay ng mga bagong kurtina at bumili ng bagong sopa.

Binabanggit sa Ebanghelyo ngayon ang pagpapahayag ng Mabuting Balita tungkol kay Kristo. Kailangang makita Siya ng mga tao sa lahat ng aspeto ng buhay natin kung nais nating maging epektibo sa pagbabahagi ng Mabuting Balita. Gaya ng mesa na kinailangang bumagay sa bahay namin, dapat makita ng mga tao na ang buhay natin sa simbahan o sa komunidad ay bumabagay sa katauhan natin kapag nasa sekular na mga lugar tayo.

Hindi lang isang aspeto ng buhay natin ang dapat maapektuhan ni Hesus kundi ang buong pagkatao natin. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: Alinsunod ba ang buhay mo sa patotoo mo?

*Panginoon, gawin Niyo akong tapat na saksi para sa Inyo. Amen.*

***San Arcadius, ipanalangin mo kami.***

**13**
MIYERKULES
**ENERO**

**1 Samuel 3:1-10, 19-20**
Salmo 40:2, 5, 7-8a, 8b-9, 10
Marcos 1:29-39

*Tinawag mo ako, kaya't narito na ako. – 1 Samuel 3:5*

## SA KALAGITNAAN NG GABI

Noong unang retreat ng Light of Jesus na dinaluhan ko at ng aking asawang si Ed, tunay kong naramdaman ang presensya ng Panginoon. Tandang-tanda ko pa, gaya ni Samuel sa pagbasa sa araw na ito, nagising ako sa kalagitnaan ng gabi. Nagpunta ako sa kapilya ng *retreat house*, at doon naramdaman kong malapit na malapit ako kay Jesus, at tila ba narinig ko na tinawag Niya akong magsilbi sa Kanya.

Sa mga sumunod pang mga *retreat*, sa pamamagitan ng mga *talks*, parati kong naririnig ang tawag ng Panginoon na magsilbi sa Kanya. Isang beses, ang aming lider na si Bo Sanchez ang namuno sa dasal bago ang lahat ay matulog. Sinabi niya na sumunod kami sa sasabihin niya. Ipinikit ko ang aking mata, at sunod naman ako ng sunod sa bawa't linya na binibigkas niya hanggang marinig ko, sabi niya, "*…nawa'y mamatay akong martir.*" Agad kong iminulat ang aking mga mata at kunot-noong tinitigan ko na lang si Bo.

Ewan ko, di naman yata ako magiging martir. Ang kaya ko lang gawin ay mamatay nang unti-unti sa aking mga kasalanan—aba, iyan lang, parusa na!—at todo-todong magsilbi sa Kanya. At paulit-ulit kong ipangako sa Kanya ang binigkas ni Samuel, "*Panginoon, tinawag mo ako, kaya't narito na ako.*" Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)

Pagninilay: Ipangako mo sa Panginoon sa araw na ito: "*Panginoon, tinawag mo ako, kaya't narito na ako.*"

*Panginoon, itulot Mong hindi ako magsawang pagsilbihan Ka.*

***Banal na Yvette, ipanalangin mo kami.***

14

HUWEBES

ENERO

**1 Samuel 4:1-11**
Salmo 44:10-11, 14-15, 25-26
Marcos 1:40-45

*Ang mga Israelita ay natalo na naman. Ang napatay sa kanila ay 30,000... – 1 Samuel 4:10*

# ISANG NAKAKABAHALANG KATOTOHANAN

Sa tren paakyat ng Canadian Rocky Mountains, dinaanan namin ang mga bundok na nababalot sa mga punong *evergreen*. Tinahak din namin ang mga napakalawak na gubat ng mga pino na nasunog na dahil sa kapabayaan ng tao o kaya nama'y tinamaan ng kidlat. May mga bahagi rin kung saan namamatay na ang mga pino dahil napeste ito ng mga salagubang. Ngunit sinabi sa amin ng *director* ng tour na hindi naman ganoon kalala ang sitwasyon. Ang sunog at peste ay nagbigay buhay sa mga bagong puno, kaya't nagkaroon ng bagong buhay ang kagubatan.

Ganito rin ang buhay. Pinapayagan ng Diyos na dumaan tayo sa mga mapanirang kaganapan tulad ng sakit, pagkawala ng trabaho o mga mabibigat na kasalanan. Ngunit sa mga pagsubok na ito, tayo'y lumalakas at nagiging mas mabuting tao.

Nasusulat sa Ecclesiastico 2:5, "Ang ginto ay dinadalisay sa apoy." Sa mga pagsubok na ito, palaging nasa tabi natin si Hesus. Kapag dumarating at tumitindi ang pagsubok, manalig ka sa pangako ng Panginoon na hindi tayo susubukin nang higit sa makakaya natin. Bibigyan Niya tayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon. (1 Mga Taga-Corinto10:13). *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Kahit sa harap ng sakuna, huwag kang titigil sa pananalig sa pangako ng Diyos sa iyo.

*Panginoon, narito ako, lumalapit sa Iyo dahil alam kong madaling dalhin ang Iyong pamatok at magaan ang pasaning ibinibigay Mo.*

***Sta. Macrina na Nakatatanda, ipanalangin mo kami.***

**15**

BIYERNES

**ENERO**

1 Samuel 8:4-7, 10-22a
Salmo 89:16-17, 18-19
**Marcos 2:1-12**

*"May idinating na isang paralitikong dala ng apat na katao." – Marcos 2:3*

# MGA KAIBIGAN SA GAWA

Nasira ang walong-taong-gulang kong *cellphone*. Ang badyet ko ay maliit lamang at ang pagbili ng bagong *cellphone*, kahit ang pinakamura, ay isang luho. Kailangan ko ng agarang kapalit kaya lang hindi ito napahintulutan ng aking kalagayan. Sinabihan ko ang aking mga kaibigan at mga kapatid sa komunidad tungkol sa nangyari at pinayuhan ko sila na ako'y makokontak sa *landline* o *email* lang.

Makalipas ang isang buwan, nakatanggap ako ng tawag mula kay Dimples, isa sa mga kaibigan ko sa *SGV*. "Pwede ka bang dumaan sa bahay bukas? Nagdesisyon kami nina Cindy at Alma na bigyan ka ng maagang pamasko at regalo sa kaarawan mo… isang bagong *cellphone*. Handa na para kunin mo."

Sa Mabuting Balita ngayon, apat na lalaki ang nagdala ng isang paralitiko kay Hesus para siya ay pagalingin. Determinado silang makalapit kay Hesus kaya binakbak nila ang bubong sa tapat ni Hesus at ibinaba ang banig kung saan nakaratay ang paralitiko.

Pangangailangan ng tao at pag-ibig ang nagtulak sa apat na lalaking ito na kumilos… at ganoon din ang mga kaibigan ko; sana ito ang magtulak sa inyo na gawin din ito. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: May kakilala ka bang nangangailangan ng tulong? Maging sagot ka sa kanilang dasal.

*Panginoong Hesus, bigyan mo ako ng grasya na maging sensitibo sa mga pangangailangan ng iba. Tulungan mo akong gumawa ng mas higit pa sa kapwa ko na hindi kinukwenta ang halaga.*

***San Bonitus, ipanalangin mo kami.***

**16**

SABADO

**ENERO**

**1 Samuel 9:1-4, 17-19; 10:1**
Salmo 21:2-3, 4-5, 6-7
Marcos 2:13-17

*"Binuhusan kita ng langis ni Yahweh upang maging hari ng Israel. Pamumunuan mo ang kanyang bayan at ililigtas laban sa lahat niyang kaaway." – 1 Samuel 10:1*

# TRABAHO NG EMBAHADOR

Ano ba ang kinakailangan para maging isang magaling na embahador? Siguradong hindi ang tulad ni Gons G. Nachman, isang dating kinatawan ng US sa Brazil at sa Congo, na nasentensiyahang makulong nang 20 taon dahil sa pakikipagtalik nito sa mga dalagita habang kinukunan niya ito ng *video*. Ang embahador ay isang taong kumakatawan sa bansa niya para mapanatili ang ugnayan nito sa ibang mga bansa at siya ang may pananagutang bantayan ang integridad, kultura at kapayapaan ng kanyang bansa. Hindi na kailangang sabihin pa na siya ay dapat may matuwid na karakter.

Tayo, bilang Kristiyano, ay mga kinatawan ng Diyos sa mundo. At dahil diyan, dapat tayong mabuhay sa paraang maisasalamin natin ang kabutiha't katapatan ng Diyos. Sa pamamagitan ng pamumuhay natin, dapat nating mabigyan ng inspirasyon ang ibang tao na mapalapit sa Diyos. Dapat nating ialay ang buhay natin sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang bayan nang hindi naghihintay ng kapalit na gantimpala.

Hindi man natin matanggap ang gantimpalang ninanais natin sa mundong ito, sa pagharap natin sa Araw ng Paghuhukom, hindi ba napakasarap marinig mula sa Diyos ang, "Magaling, anak"? *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Masasabi ba natin na nagagampanan nating mabuti ang ating pagiging embahador ni Kristo?

*Panginoon, nawa'y maipakita sa pamumuhay ko ang kabutihan Niyo.*

***San Fursey, ipanalangin mo kami.***

**17**

LINGGO

**ENERO**

Isaias 9:1-6
Salmo 98:1, 2-3, 3-4, 5-6
**Efeso 1:3-6, 15-18**
Lucas 2:41-52

*Pista ng Sto. Niño*

*Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal at makalangit dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo. – Mga Taga Efeso 1:3*

## ANG AMA NATIN ANG BAHALA

Noong apat na taong gulang ang anak kong lalaki, isinama ko siyang manood ng propesyonal na laro ng basketbol. Magandang pagkakataon iyon para magkasama kami bilang mag-ama.

Hindi gaanong puno ang seksyon kung saan kami naupo. Dahil dito, nakuha ni Jac na maglibot at subukan ang bawat bakanteng upuan. Nang tumindi ang kompetisyon sa laro, mas tinuunan ko ito kaysa sa ginagawa ng anak ko.

Nang matapos ang laro, lumapit sa akin ang isang tindero. "Sir, may utang ho kayong *hotdog*, *juice* at ilang mga kendi. Sabi ho ng anak niyo lapitan ko raw kayo dahil kayo raw ang bahala," sabi niya. Hinanap ko si Jac at nakita ko siyang masayang kumakain ng *hotdog* habang kapit ang *juice* sa kabilang kamay. Napangiti ako't binayaran ko na ang tindero.

Sa pagiging isa natin kay Kristo, makatatanggap tayo ng mga espirituwal na pagpapalang kailangan natin. Sa pamamagitan ni Kristo, makakalapit tayo sa Ama natin sa langit at makahihingi tayo ng kahit anong pabor o kahilingan. Huwag kang mag-aalinlangang magdasal sa Ama natin sa langit. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: Kapag dumarating ang tukso, ipahayag mo, "Tutulungan ako ng Ama ko na mapagtagumpayan ito!" Kapag nahaharap sa panganib, sabihin mo, "Poprotektahan ako ng Ama ko!" Kapag may sakit ka, sabihin mo, "Ang Ama ko ang pinakamagaling na doktor!"

*Ama ko, inihahatid ko sa harap Ninyo ang mga pangangailangan ko at hinihiling ko ang mga ito sa ngalan ni Jesus. Amen.*

***Banal na Gonzalo de Amarante, ipanalangin mo kami.***

**18**
LUNES
**ENERO**

**1 Samuel 15:16-23**
Salmo 50:8-9, 16bc-17, 21, 23
Marcos 2:18-22

*"Ang sumunod sa utos ng Diyos ay higit pang mabuti kaysa pagsasakripisyo." – 1 Samuel 15: 22*

# ISANG MOTORSIKLO AT ISANG KAAWAY

Isa sa pinakaayaw ko noon ay ang sumakay sa motorsiklo ng asawa ko, kasi sa aking palagay, walang kaklas-klas ang motorsiklo, di gaya ng kotse. Nguni't di ba sabi ng Diyos dapat tayong magpasalamat sa lahat ng sitwasyon sa ating buhay? Kaya sumunod naman ako. Lagi akong nagpapasalamat sa Kanya na binigyan Niya kami ng motorsiklo. Nang kinatutuwaan ko na 'yong motorsiklo, lalo na kung nakakalusot kami sa trapik, bigla na lang kaming nagkaroon ng kotse.

Isa pa sa mga utos ng Diyos na hirap akong sundin ay ang "Mahalin mo ang iyong kaaway."

Nagkaroon ako ng kaopisina na galit sa akin kaya di ko siya kasundo. E dahil nga sabi ng Diyos na mahalin mo ang iyong kaaway, nagdesisyon ako na patawarin ang aking kaopisina at ginawa ko ang lahat ng paraan para makasundo ko siya. Nang magkasundo na kami, nabalitaan ko na lang na nakahanap na siya ng ibang trabaho at tuluyan na nga siyang umalis sa amin. Sa isang iglap, wala na siya sa buhay ko!

Totoo nga ang isinasaad ng pagbasa sa araw na ito: higit na kinasisiyahan tayo ng Diyos kung tayo ay sumusunod sa kanya.

*Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Ano sa mga utos ng Diyos ang hirap kang sundin?

*Panginoon, sana ay mamayani sa akin ang Iyong ninanais at hindi lagi na lang ang kagustuhan ko.*

***San Day, ipanalangin mo kami.***

**19**
MARTES
**ENERO**

1 Samuel 16:1-13
Salmo 89:20, 21-22, 27-28
**Marcos 2:23-28**

*"Itinakda ang Araw ng Pamamahinga para sa ikabubuti ng tao; hindi nilikha ang tao para sa Araw ng Pamamahinga." – Marcos 2:27*

## LINGGUHANG BUNUAN

Kaunti lamang ang mga malalaking bagay na pinag-aawayan naming mag-asawa. Isa ay ang pagsisimba sa umaga at ang pagdating sa Misa sa tamang oras. Iyon ang tanging magagawa ko bilang paraan ng pag-aalay ng Linggo ko sa Panginoon. Kaya't sinisiguro ko sa sarili ko — at sa misis ko — na tutuparin ko iyon.

Kaso, hirap gumising ang minamahal ko kapag Linggo. Pinipilit ko siyang gumising nang maaga at habang naghahanda kami, sinesermonan ko siya tungkol sa pag-una sa Diyos. Nakakarating nga kami sa simbahan sa tamang oras, pero damang-dama naman ang tensyon sa pagitan naming dalawa. Nawala na ang buong kabuluhan ng araw na ito para sa Diyos — ang sambahin at mahalin ang Diyos nang may buong kagalakan bilang mag-asawa at ang mapanibago Niya ang kalooban namin sa espesyal Niyang araw.

Napag-isip-isip ko, anim na araw kaming nagtatrabaho ng misis ko sa aming negosyo at paminsan-minsan nagbibiyahe kami dahil dito. Nakakalimutan ko na ang pangangatawan ng misis ko ay mas mahalaga sa mga "patakaran" na ipinapataw ko sa sarili ko. Tutal, marami naman ang Misa sa Linggo mula umaga hanggang gabi. Higit sa mga patakarang gawa ng tao, mas mahalaga ang ating pagiging instrumento ng pag-ibig. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Nagpapataw ba ako ng mahihigpit na patakaran sa iba at nakakalimot akong magmahal?

*Jesus, nawa'y ipaalala Mo lagi sa akin na ang pinakamahalaga ay ang magmahal.*

***San Branwallader, ipanalangin mo kami.***

20

MIYERKULES

ENERO

**1 Samuel 17:32-33, 37, 40-51**
Salmo 144:1b, 2, 9-10
Marcos 3:1-6

*"Iniligtas ako ni Yahweh mula sa mga mababangis na leon at mga oso. Ililigtas din niya ako sa kamay ng Filisteong iyon." – 1 Samuel 17:37*

# KASING DALI NG ADISYON

Nadarama ko pa ang tuwa ko nang magawa kong sumahin ang mga numerong may dalawang tambilang. Bilang isang mag-aaral sa Grade 1, limitado lang ang kaalaman ko sa matematiko ng mga simpleng numero. Pero isang araw, habang nakasakay ako sa *school bus* tangan ang *Math book* ng kaibigan kong nasa Grade 2, nakaya kong sagutan ang "kumplikadong" adisyon ng mga numerong may dalawang tambilang. Sinong mag-aakala na darating ang panahong matututunan ko rin ang *algebra, geometry, trigonometry* at — ang pinakamahirap sa kanilang lahat — ang *calculus*? Kung sinabi mo sa akin noon sa *school bus* na 'yon na kakailanganin kong lutasin ang mga suliraning pangmatematiko na may *limits, derivatives, integrals* at *infinite series*, siguro hindi na ako mag-aaral.

Ganito rin sa Diyos. Inihahanda niya tayo buong buhay natin para magampananan ang tungkuling iniatas Niya sa atin. Ang pagsasanay sa pagiging batang pastol ay nakatulong kay David sa pakikipagtunggali niya kay Goliat. Gaya niya, ang edukasyon natin, mga karanasan, buhay pamilya at pati mga pagsubok ay mga kakayahan para sa mga tungkuling iniaatas sa atin ng Diyos.

Kaya kung iisipin mong mabuti, ang pagsunod sa Diyos ay kasing dali ng adisyon. *Rissa Singson-Kawpeng (justbreatherissa@gmail.com)*

Pagninilay: "Magsimula sa mga kailangang gawin, sundan ng mga posibleng gawin at biglang magagawa mo na ang imposible." (San Francisco ng Assisi)

*Panginoon, ipaalala Mo sa akin na ako'y inihanda Mo para sa tungkulin ko ngayon.*

***San Fenchin, ipanalangin mo kami.***

**21**
HUWEBES
**ENERO**

**1 Samuel 18:6-9; 19:1-7**
Salmo 56:2-3, 9-10a, 10b-12, 13-14
Marcos 3:7-12

*At mula noon ay naging masama ang kanyang pagtingin kay David. – 1 Samuel 18:9*

# UTAK TALANGKA

Dahil nakatira tayo sa isang bansang Third World, kumikiling tayong mag-isip na lagi tayong may kakulangan. Kapag nabibiyayaan ang ibang tao, naiinggit tayo at naiisip nating napunta sa kanila ang dapat ay sa atin. Halimbawa, kapag may umasenso sa trabaho, sa halip na ikasiya ng mga ka-opisina niya iyon, ang sinasabi nila, *"Sipsip kasi,"* minumungkahing may paboritismong nangyari.

Nguni't ang biyaya ng Diyos ay para sa lahat. Para itong tubig sa Niagara Falls na rumaragasa sa pagbagsak. Dumadaloy muna ang tubig paakyat bago ito dumaloy pababa hanggang sa makarating ito sa patutunguhan. Sa lakas ng agos ng tubig, lumilikha ito ng maraming ulap ng tubig na lumilikha naman ng ilang mga bahaghari.

Tulad ng tubig sa Niagara, maaaring dumaloy muna sa iba ang biyaya ng Diyos. Kailangan lang natin maging mapagpasalamat at manalig habang nagsusumigasig tayong angkinin ang mga pangako Niya. At gaya ng bahaghari na simbulo ng tipan ng Diyos sa Kanyang bayan (Genesis 3), tapat Niyang tutuparin ang mga pangako Niya sa atin. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Palagi mo bang naiisip na ang kapitbahay mo o katrabaho mo ay mas binibiyayaan kaysa sa iyo?

*Panginoon, pagkalooban Mo ako ng pusong mapagpasalamat nang aking matanto na lagi Mong tinutustusan ang mga pangangailangan ko.*

***Banal na Ines, ipanalangin mo kami.***

**22**
BIYERNES
**ENERO**

**1 Samuel 24:3-21**
Salmo 57:2, 3-4, 6, 11
Marcos 3:13-19

*Si Yahweh nawa ang humatol... – 1 Samuel 24:16*

# ANG TUNAY NA PANALO

Nanalo sana si Miss California, Carrie Prejean, bilang Miss USA 2009 kung hindi dahil sa sagot niya sa katanungan tungkol sa pagkakasal ng mga homoseksuwal. Alam niya na ang nagtanong sa kanya ay isang homoseksuwal at madali niya sanang nasagot iyon kung ninais niyang mapasaya ang tagahatol. Sa halip, pinili niyang manindigan sa paniniwala niya. "Sa aking bansa at sa aking pamilya, naniniwala ako na ang kasal ay para lamang sa isang lalake at isang babae."

Pagpalain siya ng Diyos. Hindi niya naiuwi ang korona, ngunit siguradong panalo siya sa paningin ng Diyos.

Sayang at ang karamihan sa atin, maging ang mga nagsasabing may personal silang ugnayan sa Diyos, ay madaling nadadala sa popular na paniniwala ng karamihan kahit na labag ito sa mga katuruang Katoliko. Paminsan-minsan, nakahanda tayong iisantabi o isuko ang mga mahahalagang ugaling Kristiyano lalo na kapag nahaharap tayo sa isang sitwasyon kung saan dapat tayong manindigan sa ating pananampalataya. Ang mga kilos natin ay hindi dapat idinidikta ng tinatawag nating mga kaibigan, kundi ng Diyos na ating Panginoon at Tagapagligtas. Sa huli, hindi mahalaga kung ano ang iisipin ng tao tungkol sa atin; ang mahalaga ay ang magiging hatol ng Diyos sa paraan ng ating pamumuhay. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Handa ka bang makutya dahil sa pagtatanggol ng iyong pananampalataya?

*Amang nasa langit, pagkalooban Mo po ako ng tapang at lakas na manindigan para sa aking pananampalataya. Amen.*

***Sta. Blaesilla, ipanalangin mo kami.***

**23**
SABADO
**ENERO**

2 Samuel 1:1-4, 11-12, 19, 23-27
Salmo 80:2-3, 5-7
**Marcos 3:20-21**

*Pag-uwi ni Jesus, muling nagkatipon doon ang napakaraming tao kaya't hindi na sila nagkaroon ng pagkakataong kumain pa. – Marcos 3:20*

# MAS MABUTING BAGAY

Ang paglilingkod sa gawaing Kristiyano ay lagi kang ilalayo sa mabuting bagay. Sang-ayon ka ba? Maaaring hindi, pero hayaan mong ikuwento ko sa iyo ang isang istorya para maipaliwanag ito.

Kami'y naimbitahang mamahala sa isang *marriage seminar* sa bahay ng mga magulang ko. Apat na pares na mag-asawa ang dumating. Noong una ay nag-alangan akong ituloy ang *seminar* dahil Sabado lang kami nagkakasama-sama ng aking pamilya. Nguni't dahil sa araw ng Sabado lang pupuwede ang mga kalahok, wala na kaming opsyon. Nang matapos ang pangatlong pagpupulong namin, natanto ko na kahit naisantabi namin ang oras namin para sa pamilya, may natanggap kaming kapalit.

Unti-unti, nagkaroon kami ng mga bagong kaibigan sa katauhan ng mga kalahok. Dinala ng isang mag-asawa ang sanggol nila sa isang pagpupulong at tuwang-tuwa ang mga anak namin sa pakikipaglaro sa anak nila. Nagalak din ang puso ko sa suportang ibinigay ng asawa ko sa akin sa pamamagitan ng pag-aasikaso niya sa ilang mga gawain sa pitong sesyon ng *seminar*.

Tunay nga na ang paglilingkod namin kay Jesus ay naglalayo sa amin sa mabuting bagay pero palagi itong napapalitan ng mas mabubuting bagay! *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: Sa bawat plano mong hindi natuloy, ano ang natanggap mong biyayang kapalit?

*Panginoon, bigyan Mo ako ng kakayahan at lakas na maglingkod sa aking kapwa.*

***San Agathangelus, ipanalangin mo kami.***

24

LINGGO

ENERO

Nehemias 8:2-4a, 5-6, 8-10
Salmo 19:8, 9, 10, 15
**1 Mga Taga Corinto 12:12-30**
Lucas 1:1-4; 4:14-21

*Ang katawan ay iisa lamang at maraming kasapi, ngunit lahat ng kasapi, gaano man sila karami, ay iisang katawan; ganoon din kay Kristo. –1 Mga Taga Corinto 12:12*

## ETO NA, AHEM, ANG MGA KAMPEON

Ang aming komunidad, ang Light of Jesus, ay magdiriwang ng kanyang 28th anibersaryo sa Baguio. Isang parte ng programa ay isang paligsahan ng mga banda ng bawa't rehiyon ng aming komunidad.

Kaya naman tinawag ng aming rehiyon, GMA Region 1, ang aming mga baguhang musikero, nagbuo ng isang banda, at ilang araw din silang nagsanay ng kanilang ilalahok sa paligsahan. Subali't dalawang araw bago ang aming anibersaryo, ang bahista ng banda, si Ferdie Beltran, ay tumawag sa aming lider upang sabihin na hindi siya makakapunta sa Baguio kasi may matindi siyang karamdaman. Siyempre, labis kaming nabigo. Nung nasa Baguio na kami, agad-agad naghanap ang aming lider ng kapalit ni Ferdie sa aming mga miyembro na nakarating sa Baguio, nguni't wala sa amin ang marunong mag-baho.

Aba, dalawang oras bago mag-umpisa ang programa, dumating si Ferdie kasama ang asawa niyang si Lea. Ganoon na lang ang aming tuwa—at wow, kami pa ang naging kampeon!

Siyempre, hindi lamang si Ferdie ang dahilan kung bakit kami nanalo. Nguni't talagang nabuhayan kami ng loob nang siya ay dumating. Kasi, sabi nga sa pagbasa sa araw na ito, kahit na gaano tayo karami, tayo ay iisang katawan. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Ang iyong presensya ay sapat nang paglilingkod sa iyong kapwa.

*Lord, bigyan mo ako ng grasya na parating gawin ang aking tungkulin bilang Iyong kasapi.*

***San Zama, ipanalangin mo kami.***

**25**
LUNES
**ENERO**

**Ang Mga Gawa 22:3-16**
(o Ang Mga Gawa 9:1-22)
Salmo 117:1bc, 2
Marcos 16:15-18

*Kapistahan ng Pagbabagong-loob ni Pablo, Apostol*

*Tumindig siya agad at nagpabautismo.*
*– Ang Mga Gawa 9:18*

# MATATAG NA KAPANGYARIHAN NG DIYOS

Noong ika-1 ng Pebrero, 2003, ang *space shuttle Columbia* ay muling pumasok sa mundo matapos ang 16-araw na siyentipikong misyon. Ilang minuto bago ang inaasahang paglapag, ang *shuttle* ay nagliyab, nakalas, nawalan ng lakas at bumagsak sa disyerto ng *California*.

Ang *Columbia* ay nangailangan ng matinding lakas para ito ay makalipad, manatili sa kalawakan at makabalik sa mundo. Kailangan nito ng 1.9 milyong litro ng krudo (katumbas ng 47 libong kotse na puno ang tangke) at limang milyong libra ng enerhiya (katumbas ng 25 libong lalaki na tumitimbang ng tag-200 libra) para itulak ang *shuttle* ng 23 milya pataas ng dalawang minuto.

Si Saul ay nagbago dahil sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. At ang kapangyarihang ito ang nagtulak sa kanya na ipahayag ang Mabuting Balita at nagbigay-lakas sa kanya sa lahat ng mga pagsubok at pag-uusig na hinarap niya. Ang kakayanan nating mga tao ay limitado lamang. Kung aasa lang tayo sa ating kapangyarihan, baka matulad tayo sa *space shuttle Columbia;* hindi natin masusustine ang ating lipad. Pero kung tayo ay pupunta sa Diyos, ang pinagmulan ng lahat ng kapangyarihan, at payagan Siyang patakbuhin ang ating mga buhay, tayo'y makalilipad. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: "Nguni't ang nagtitiwala kay Yahweh ay magpapanibagong sigla. Ang lakas nila'y matutulad sa walang pagod na pakpak ng agila. Sila'y tatakbo nang tatakbo ngunit di manghihina, lalakad nang lalakad ngunit hindi mapapagod." (Isaias 40:31)

*Palakasin Mo ako sa Iyong Espiritu, Panginoon ko.*

***San Apollo, ipanalangin mo kami.***

**26**
MARTES
**ENERO**

*Paggunita kina San Timoteo at Tito, mga Obispo*

**2 Timoteo 1:1-8**
(o Tito 1:1-5 or 2 Samuel 6:12b-15, 17-19)
Salmo 96:1-2a, 2b-3, 7-8a, 10 (o Salmo 24:7, 8, 9, 10)
Lucas 10:1-9 (o Marcos 3:31-35)

*Kaya't huwag kang mahihiyang magpatotoo tungkol sa ating Panginoon, at huwag mo rin akong ikakahiya, na isang bilanggo alang-alang sa kanya. – 2 Timoteo 1:8*

# SA BAWAT PAGKAKATAON

Ipinagmamalaki namin ng misis ko ang Kristiyanong pananampalataya namin at patuloy kaming nagbibigay-pugay sa Diyos sa bawat pagkakataon.

Sa tahanan namin, ang Biblia ng pamilya namin ay makikita mong nakaluklok sa entrada ng bahay at sa balkon.

Sa negosyo, hango sa Banal na Kasulatan ang pangalan ng kompanya namin. Kapag binisita mo ang mga *website* namin, makikita mo agad ang Kristiyanong karakter ng may-ari nito.

Minsan, nagkaroon kami ng pagkakataong ibahagi ang pananampalataya namin sa mga kapit-bahay namin sa subdibisyon na nilipatan namin kamakailan. Nang kami na ang nakatokang maghanda para sa buwanang *acquaintance party*, kumuha kami ng mga Kristiyanong musikero para magbigay-aliw. Umawit din kami ng misis ko ng isang kanta tungkol sa pagkauhaw ng aming puso at kasabikan kay Hesus kahit na hindi kami magaling umawit.

Ninais naming ipahatid sa mga bisita namin na nagsisikap kaming maging Kristiyano — at patuloy na yumayabong — sa aming negosyo. Nais naming ipahayag sa sangkatauhan na maaari tayong mabuhay sa mundo nang hindi kinokompromiso ang ating pananampalataya. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Isa ka bang Kristiyanong nakatago ang pananampalataya?

*Panginoong Hesus, pagkalooban Mo po ako ng puso na laging may tapang na magpahayag na Ikaw ang aking Diyos, aking Tagapaglitas at matalik na Kaibigan.*

***Sta. Paula, ipanalangin mo kami.***

**27**
MIYERKULES
**ENERO**

2 Samuel 7:4-17
Salmo 89:4-5, 27-28, 29-30
**Marcos 4:1-20**

*"Makinig kayo! May isang magsasakang lumabas upang maghasik ng binhi." – Marcos 4:3*

## PAGTATANIM NG BINHI

Halos araw-araw, may nakikilala akong iba-ibang uri ng tao — dating mga kaopisina, kaibigan, kapit-bahay, kasosyo sa negosyo, dating empleyado, mga taong nabibilang sa aming organisasyon, mga kamag-anak...

Kung iisipin mo, may nakikilala ako buwan-buwan na daan-daang taong galing sa iba't-ibang lugar. Maaaring nakakasalamuha ko sila sa mga *one-on-one meeting* ko, sa malalaking kumperensya, sa maliliit na pagpupulong, atbp. Kahit gusto ko o hindi, naiimpluwensyahan ko sila sa iba't-ibang paraan.

Ang malaking katanungan ay, paano ko naitatanim ang Salita ng Diyos sa buhay nila? Naitatanim ko ba sa kanila ang Kanyang Mabuting Balita sa pamamagitan ng aking mga salita o, mas mahalaga pa riyan, sa aking mga kilos? Ginagamit ko ba nang mabuti ang mga biyayang ibinigay sa akin ng Panginoon para mailapit ko ang kapwa ko kay Hesus? Ang mga tugon ko ba sa iba't-ibang sitwasyon ay nakatulong sa paghihikayat sa kapwa ko na magbuhay-Kristiyano?

Ito lamang ang ilan sa mga katanungang dapat nating isaalang-alang. Buong tapang nating itanim ang mga binhi ng Mabuting Balita at magtiwala na ang biyayang kaloob ng Diyos ang siyang magbibigay-bunga sa ating naitanim. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Naibahagi ko ba ang Panginoon sa iba kamakailan?

*Panginoong Hesus, turuan Mo po akong ibahagi Kayo sa aking kapwa nang e-pektibo at may tapang. Amen.*

***San Marius, ipanalangin mo kami.***

**28**

HUWEBES

**ENERO**

2 Samuel 7:18-19, 24-29
Salmo 132:1-2, 3-5, 11, 12, 13-14
**Marcos 4:21-25**

*"Unawain ninyong mabuti ang inyong naririnig. Ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo, at higit pa roon." – Marcos 4:24*

## ANG PAGHUSGA AY PARA SA DIYOS LAMANG

Sa tuwing makakakita tayo ng isang tao na magaspang ang ugali, madali nating nasasabi na masama ang kanyang kalooban at pagkatao. Nguni't ang hindi natin alam ay kung ano talaga ang dinaanan niya kaya ganoon siya kumilos. Hindi natin alam, maaring dumadaan siya sa isang napakabigat na pagsubok.

Malinaw ang utos ng Diyos tungkol sa paghusga ng iba. Tandaan na Siya lamang ang nakakaalam ng mga motibo ng puso ng tao. Kaya't subukan nating intindihin ang iba at huwag agad maghusga kung sila ay kumilos sa nakakainis o nakakairitang paraan.

Tayo ay parating may pagkakataon na mamili: ang makita ang maganda sa bawat pangyayari o ang hindi maganda. Ugaliin nating tingnan ang maganda sa bawat nangyayari sa atin sapagkat "ang lahat ng bagay ay para sa ikabubuti ng mga taong nagmamahal sa Diyos." *Jess Santos (jesus_santos_07@yahoo.com)*

Pagninilay: Kung susuriin mo ang iyong sarili ngayon, saan ka parati nakatingin, sa magandang nangyayari o sa hindi maganda? Ang tunay mong sagot dito ay ang magiging unang hakbang mo tungo sa mapayapang pamumuhay.

*Mahal naming Diyos, turuan Mo akong makita ang mga bagay-bagay sa paraan na gusto Mong makita ko ang mga ito. Biyayaan Mo ako ng grasya ng pagpapakumbaba sa harapan Mo at sa aking sarili na kailangan kong baguhin ang ugali kong ito, sa ngalan ni Hesus, Amen.*

***Sta. Cannera, ipanalangin mo kami.***

# 29

BIYERNES

ENERO

**2 Samuel 11:1-4a, 5-10a, 13-17**
Salmo 51:3-4, 5-6a, 6bcd-7, 10-11
Marcos 4:26-34

*Nang... panahong angkop sa digmaan... si David ay nag-paiwan sa Herusalem... may natanaw siyang magandang babaing naliligo... – 2 Samuel 11:1-4*

## PAGPAPABAYA SA TUNGKULIN

Ang unang kasalanan ni David ay hindi ang pangangalunya kay Bat-seba at pagpatay sa asawa nitong si Urias. Ang kasalanan niya ay ang hindi niya pagtupad sa tungkulin niya bilang hari sa panahong iyon — ang makipaglaban sa giyera kasama ng mga tauhan niya. Mas pinili niyang "magbakasyon."

Napaisip ako sa interpretasyon ng kuwentong ito. Ang tapat na pagtupad sa tungkulin sa takdang panahon ay mahalaga, maging hari ka o karaniwang tao. Kapag tinatamad akong magtrabaho bilang opisyal ng gobyerno, nahuhuli sa pagpasok sa opisina at nakalilimot ng mga tungkulin, naaapektuhan ang kalidad ng trabaho ko. Tunay nga na ang katamaran ay kasangkapan ng diablo.

Nagpasya akong gampanan ang mga tungkuling bigay ng Diyos sa akin: Ang tungkulin ko bilang prinsesa't anak ng Hari. Ang pagiging ina sa lima kong anak. Ang pagiging anak sa ama ko sa lupa. Ang pagiging kapatid, kamag-anak at kaibigan. Ang mapagnilay na misyonero at embahador para kay Kristo at sa bansa na nagdarasal na maging tagapaglingkod sa kanyang S.O.U.L. (Spirit; Others, lalo na sa mga OFW at sa kanilang pamilya; Unbelievers, mga itinakwil at mahirap mahalin; at Loved ones). *Grace Princesa (grprincesa@yahoo.com)*

Pagninilay: Ang hindi pagtupad sa mga tungkulin sa takdang oras ay maaring mauwi sa malubha, pati na makasalanan at nakamamatay na kahihinatnan.

*Panginoon, tulungan Mo po akong tuparin sa takdang oras ang mga tungkuling iniatas Mo.*

***San Blath, ipanalangin mo kami.***

**30**
SABADO
**ENERO**

2 Samuel 12:1-7a, 10-17
Salmo 51:12-13, 14-15, 16-17
**Marcos 4:35-41**

*"Tumawid tayo sa ibayo." – Marcos 4:35*

# KAPAG NAKIKIALAM ANG PANGINOON

Isa akong kuntento, masaya at normal na empleyado sa isang *multinational* na kumpanya at abala ako sa pagdalo sa mga *prayer meeting*, *Bible study* at sa paglilingkod sa Diyos. Umasa ako noon na balang araw ay magagawa ko ito nang *full-time*. Pero naging higit na abala ako sa pagkatawan sa kumpanya sa mga internasyonal na kumpetisyon. Nasira ang pang-araw-araw kong karaniwang gawain at nabago ang mga plano ko. Sa edad na 30, naging batang manedyer ako na may magandang karerang hinaharap. Nakilala ko rin ang babaeng pinangarap ko.

Nguni't matapos ang 23 taon sa industriya ng *electronics* at pagkakaroon ng maunlad na sariling negosyo, biglang nakansela ang isang malaking proyekto ko. Kasabay nito, nagkaproblema kami ng asawa ko sa mga kamag-anak namin at sa negosyo.

May paraan ang Diyos sa panghihimasok sa buhay natin. Ginugulo Niya tayo kapag masyado na tayong kumportable o kapag may kailangan Siyang ayusin sa buhay natin, o kung gusto lang Niya tayong lumago sa ating pagkatao't pananampalataya. Inaamin kong hindi ko gusto ang ganito kung minsan. Pero ipinaaalala sa atin ng Ebanghelyo ngayon, "Tigil! Tumahimik ka!" Sa pagtawid natin sa kabilang ibayo, kasama natin Siya sa bangka. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Anu-ano ang mga panghihimasok ng Diyos sa buhay mo kamakailan? Nagre-reklamo ka ba o lumalago sa pananampalataya?

*Hesus, turuan Mo po akong makita ang kilos ng Iyong kamay sa buhay ko.*

***San Hippolytus, ipanalangin mo kami.***

**31**

LINGGO

**ENERO**

Jeremias 1:4-5, 17-19
Salmo 71:1-2, 3-4, 5-6, 15, 17
**1 Mga Taga Corinto 12:31-13:13**
Lucas 4:21-30

*Kaya't ang tatlong ito'y nananatili: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig. – 1 Mga Taga Corinto 13:13*

# WALANG BAKASYON ANG PAG-IBIG

Dahil sa mahabang bakasyon sa pagtatapos ng 2008 halos naubos ang tao sa mga kalye ng Maynila. Kaya isang araw, inasahan kong madali akong makakarating sa simbahan. Pero nagpasya ang tsuper ng jeep na sinasakyan ko na bumaybay sa halos tahimik na mga kalye at tumigil ito sa bawat kanto na tila hawak niya ang lahat ng oras sa buong mundo. Dahil huli na ako, nag-init ang ulo ko. Sa isipan ko, sinasabihan ko ang tsuper na magmadali. Nguni't pinagpatuloy niya ang mabagal na pagbaybay niya sa daan.

Halos humahangos na ako sa kawalan ng pasensya nang bumaba ako sa jeep. Noon ako kinausap ng Espiritu Santo. *Hindi nagbabakasyon ang pag-ibig*.

Sa simbahan, pakiramdam ko'y inilagay ako ng Diyos sa tama kong lugar.

Halos otomatiko na sa atin ang mag-isip na dapat tayong pakitunguhan nang mabuti ng ibang tao. Pero ganoon din ba tayong makitungo sa kanila? Gaya ng sinasabi ng simple ngunit malalim na mensaheng iyon, walang bakasyon pagdating sa pag-ibig. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob." (1 Mga Taga-Corinto 13:4)

*O Panginoon, ang pag-ibig ko'y gawin Mo pong walang-kapaguran at walang pinipili, gaya ng pag-ibig Mo.*

***Sta. Marcella, ipanalangin mo kami.***

**1**

LUNES

**PEBRERO**

2 Samuel 15:13-14, 30; 16:5-13
Salmo 3:2-3, 4-5, 6-7
**Marcos 5:1-20**

*Bagama't madalas siyang gapusin ng tanikala sa kamay at paa... – Marcos 5:4*

# HINDI GANOONG KATINDI

Matagal na panahon kong sinubukang itago ang mga kasalanan ko't adiksyon — resulta ng pangmomolestya sa akin noong bata pa ako. Pero habang pilit kong ikinubli ang mga ito, lalo akong nanatili sa kadiliman. Bakit? Dahil ayaw kong harapin noon ang mga hinanakit na nadarama ko. Ninais ko lang magpatuloy sa buhay at limutin ang nakaraan.

Mahalin mo lang ang Diyos at gawin mo ang tama, sabi ko sarili ko. Pero tulad ng nagtatagong halimaw, lumalaki at tumitindi ang pagkaalipin ko na resulta ng hindi ko pagharap sa mga hinanakit ko. Habang pinipilit kong bawasan at hindi pansinin ang kirot ng damdamin ko, hindi ko nadama ang matinding pangangailangan ko sa Diyos. Pero nang hinarap ko ang sakit at tuluyan kong kinilala ang aking mga hinanakit, galit at kahihiyan dahil sa nangyari, nakita ko ang kakaibang anyo ng Diyos.

Napakadakila Niya para paghilumin ako. At noon lang ako tunay na nagsimulang maghilom.

Kaibigan, hindi mo mapapagagaling ang hindi mo nararamdaman. Harapin mo ang mga hinanakit mo ngayon at magsimula kang tahakin ang daan tungo sa muling pagkabuo. *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: May sugat ka ba sa buhay mo na pumipigil sa iyo na makawala sa kadiliman? Huwag mo itong itago at pahintulutan mo ang Diyos na palayain ka.

*Diyos Ama, palayain Mo po ako sa mga pagkakaalipin ko. Pagkalooban Mo po ako ng tapang na harapin ang mga hinanakit ko nang maging buo akong muli.*

***Banal na Antonio Manzi, ipanalangin mo kami.***

**2**

MARTES

**PEBRERO**

**Malakias 3:1-4**
Salmo 24:7, 8, 9, 10
Hebreo 2:14-18
Lucas 2:22-40

*Kapistahan ng Paghahain kay Jesus sa Templo*

*Ngunit sino ang makakatagal pagdating ng araw na iyon? Sino ang makakaharap kapag napakita na siya? – Malakias 3:2*

# MATINDING PRESENSYA

Si Ginoong Williams ay hindi mo gugustuhing maging propesor. Kilala siya sa pagpapahirap sa mga estudyante niya tuwing may *recitation* sa klase. Pero alang-alang ito sa kapakanan ng mga estudyante. Marami siyang mga katanungan at sinisiguro niyang naintindihan ng mga estudyante niya hindi lang ang teoriya kundi pati ang buong konsepto ng pinag-aaralan nila. Kadalasan, hindi handa ang mga estudyante sa klase niya kaya iniwasan nilang pumasok o kaya'y sadya nilang hindi pinasukan ang klase niya para hindi sila matawag sa *recitation*, kahit sa araw man lang na iyon.

Ang pagkakakilala natin sa Panginoon at ang uri ng ugnayan natin sa Kanya ang tutukoy sa kung paano natin Siya tatanggapin sa pagbabalik Niya. Marami sa atin ang nagnanais ng buhay na walang paghihirap pero hindi tayo bukas sa ideya na maaaring magbalik ang Diyos sa ano mang oras para hatulan tayo.

Wala tayong dapat katakutan sa buhay na ito kung tayo'y kaisa ng Diyos. Nguni't kung mamumuhay tayo nang di-wasto, siguro panahon na para itama natin ang landas ng buhay natin ayon sa kalooban ng Diyos upang matanggap natin Siya nang may pag-ibig at pagtitiwala kapag kaharap na natin Siya. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Kung magpapakita ang Diyos sa atin ngayon, magiging masaya ba tayo sa pagharap sa Kanya o manginginig tayo sa takot?

*Panginoon, ilayo Mo ako sa mga bagay na nakasasakit sa Iyo, at ipaunawa Mo sa akin ang pag-uugaling makatutulong sa akin na marating ang langit. Amen.*

***San Teodorico, ipanalangin mo kami.***

**3**
MIYERKULES
**PEBRERO**

2 Samuel 24:2, 9-17
Salmo 32:1-2, 5, 6, 7
**Marcos 6:1-6**

*Nagtaka siya dahil hindi sila naniwala sa kanya.*
*– Marcos 6:6*

## PANANAMPALATAYANG TULAD SA BATA

Namatay ang asawa ni Teena dahil sa sakit na leukemia noong 2008.

Nang susunugin na ang bangkay, ikinuwento niya ito sa anak niyang lalaki na limang taong gulang pa lamang: "Pupunta na sa langit si Daddy. Ilalagay sa kahong 'yon ang katawan niya at 'yon ang magiging sasakyan niya. Pag sarado na ang kahon, papasok ito doon sa *chamber* at mananatili siya roon hanggang marinig natin ang tunog ng kililing. Dapat pumalakpak ka pag narinig mo na 'yon kasi ang ibig sabihin noon ay dinala na siya ng mga anghel sa langit."

Nang tumunog ang mga kililing, nabalot sa katahimikan ang mga taong naroon. Biglang may narinig silang palakpak. Alinsunod sa sabi ng ina, ipinagdiwang ng bata ang espesyal na sandaling iyon.

Tunay na kahanga-hanga ang pananampalataya ng isang bata. Kapag may pinaniniwalaan silang bagay, hinding-hindi sila bibitiw sa ideyang iyon. Ipanalangin nating magkaroon tayo ng ganitong uri ng pananampatalaya sa paglago natin sa ating buhay-Kristiyano. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: "Ang pananampalatayang tulad ng sa bata na hindi humihiling na makakita, hindi naghihintay ng kababalaghan o ng palatandaan, naniniwala, dahil ito'y nagmamahal, nang tama, ay makamamalas ng mga bagay na mas dakila at mas banal." (John Keble)

*Panginoon, panalangin ko na magkaroon ako ng pananampalatayang tulad ng sa bata, dahil sinabi Mo po na kailangan ko ang dalisay na puso para makapasok sa Iyong kaharian. Amen.*

***San Laurentino, ipanalangin mo kami.***

# 4

HUWEBES

**PEBRERO**

1 Mga Hari 2:1-4, 10-12
1 Mga Cronica 29:10, 11ab, 11d-12a, 12bcd
**Marcos 6:7-13**

*Kanilang itinaboy ang mga demonyo, at kanilang pinahiran ng langis ng oliba ang mga may sakit at ito'y kanilang pinagaling. – Marcos 6: 13*

## ANG PARING *EXORCIST*

Sa palagay ng marami, ang mangkukulam, multo, dwende o bampira ay kathang-isip lamang. Subali't mag-iisip ka ng makalawang beses tungkol sa mga ito kung nabasa mo ang *Exorcism: Encounters with the Paranormal and the Occult,* ang bestselling na aklat ni Fr. Jose Francisco C. Syquia, ang director ng Archdiocese of Manila Office of Exorcism. Isinisiwalat ng aklat na ito ang katotohanan tungkol sa mga natatagong madilim na mundo ng mga demonyo at kung paano sila nakapanghihimasok sa ating araw-araw na buhay.

Sumulat si Fr. Jocis ng simpleng aklat upang ipaalam sa tao ang tungkol sa mundo ng mga espiritu, ang tungkol sa *paranormal* at mga kulto, ang mga ekstra-ordinaryong kagagawan ng demonyo, at tulungan ang tao na makita at harapin ang mga ito sa paraang naaayon sa turo ng Katolikong Pananampalataya. Dagdag pa ni Fr. Jocis: "Ang demonyo ay takot sa Kristiyanong nakakaalam na siya ay inaangking anak ng makapangyarihang Diyos, at nalalaman rin niyang gamitin ang maraming espiritual na sandata ng Simbahan."

Ipinamalas ni Hesus ang katotohanang ito sa ebanghelyo sa araw na ito nang atasan niya ang kanyang mga disipulo na itaboy ang mga demonyo at pagalingin ang mga may sakit. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Ang nananampalatayang Kristiyano ay kinakatakutan ng demonyo.

*Panginoon, turuan at palakasin Mo ako upang mapaglabanan ko ang kasamaan.*

***San Andres Corsini, ipanalangin mo kami.***

**5**
BIYERNES
**PEBRERO**

Sirach 47:2-11
Salmo 18:31, 47, 50, 51
**Marcos 6:14-29**

*"Kaya't si Herodias ay nagkimkim ng galit kay Juan. Hinangad niyang ipapatay ito…" – Marcos 6:19*

# MABUTING PAGKAWALA

Pinagbawalan ni Carl at Sarah Collier ang apo nilang si Holly Anne na makipagkita sa mangingibig niyang si Sandra. Bilang mga mabuting Kristiyano, hindi nila pinayagan na magpatuloy ang relasyong ito. Hindi sanay si Holly sa kahigpitang ito dahil siya ay lumaki sa kanyang ina na maluwag sa kanya. Nang nabilanggo ang ina ni Holly, siya ay nanirahan sa mga lolo at lola niya. Makalipas ang apat na buwan ng pagtira niya, napuno na siya at nagdesisyon na tapusin na ito. Sa gabi ng ika-2 ng Agosto 2004, matagumpay na naisagawa nina Holly at Sandra ang pagpatay sa mag-asawang Collier.

Si Herodias ay nagkimkim ng galit kay Juan Bautista dahil inakusahan siya at si Herod ng pangangalunya. Dahil dito, pinagplanuhan niyang patayin si Juan, na humantong sa pagkapugot ng ulo ni Juan.

Kapag tayo'y pinupuna sa ating mga kasalanan, kamalian o mga kahinaan, ano ang nagiging reaksyon natin? Inaamin ba natin ang ating pagkakamali at determinadong babaguhin ang ating gawi? O tulad tayo ni Herodias? Imbes na iwaksi ang kasalanan niya, iniligpit niya si Juan. Sana ay pinili mo ang pinakauna. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: Kapag may pumupuna sa mga mali mo, ikaw ba ay nagagalit o nagdedesisyon na magpapakabuti?

*O Hesus, tulungan Mo akong makita ang mga mali ko. Bigyan Mo ako ng grasya na baguhin ang mga gawi ko.*

***San Abraham, ipanalangin mo kami.***

**6**
SABADO
**PEBRERO**

**1 Mga Hari 3:4-13**
Salmo 119:9, 10, 11, 12, 13, 14
Marcos 6:30-34

*"Bigyan po ninyo ako ng karunungang kailangan ko sa pamamahala at kakayahang kumilala ng mabuti sa masama." – 1 Mga Hari 3:9a*

# MATALINONG PANGINGILATIS

Magsasara na noon ang kompanyang pinasukan ko at mawawalan na ako ng trabaho. May ilan akong naka-transaksyon na nag-alok sa akin ng trabaho bilang manedyer sa kompanya nila, at ang suweldong alok nila'y doble ng sinusuweldo ko noon. Nang sinuri kong mabuti ang kompanya, nalaman kong hindi sila nagpapasuweldo nang tama at hindi sila nagbabayad ng buwis. Pero desperado talaga akong makahanap ng ibang trabaho at itinaas ko sa Diyos ang panalangin ko. Sa tulong din ng pagdarasal ng misis ko, sinabi sa akin ng Panginoon na huwag kong tatanggapin ang alok.

Pagkaraan ng ilang taon, may kumalat sa mga pahayagan tungkol sa isang *multi-billion tax scandal*. Nasa gitna ng iskandalong ito ang kompanyang iyon. Ang may ari, na nag-alok sa akin ng trabaho, ay nagtatago na. Kung tinanggap ko ang alok niya, ako siguro ang ginawa niyang panakip-butas at ako ang maparurusahan. Nagpapasalamat ako sa Diyos na binigyan Niya ako ng karunungang hindi tanggapin ang trabahong iyon.

Kapag nabubuhay ka sa integridad at katapatan, palaging magiging matalino ang pangingilatis mo! *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Saan mo inilalagay ang tiwala mo? Sa idinidikta ng mundo o sa Salita ng Diyos?

*Panginoon, salamat sa biyaya ng pagkilatis kung ano ang tama mula sa Iyong pananaw.*

***Sta. Dorothy, ipanalangin mo kami.***

**7**

LINGGO

**PEBRERO**

Isaias 6:1-2a, 3-8
Salmo 138:1-2, 2-3, 4-5, 7-8 (1c)
1 Mga Taga Corinto 15:1-11
**Lucas 5:1-11**

*"Guro, magdamag po kaming nagpagod..." – Lucas 5:5*

# PAGSUKO

Alas tres na nang umaga at nasa opisina pa ako. Ilang gabing nakalipas, may miting ako sa boss ko nang 1:00 a.m. para asikasuhin ang isang problema sa opisina at paghandaan ang isa pang miting kinabukasan nang 9 a.m. kasama ang presidente. Minana ko ang lahat ng trabahong ito mula sa isang lalaking tinanggalan ng responsibilidad dito dahil sa problema niya sa kalusugan.

Mayroong maling-mali sa sitwasyon. Pinatatakbo ko ang isang malaking departamento, maganda ang aking suweldo at benepisyo at meron pa akong bagong sasakyan na bigay ng kompanya. Pero ang daming gumugulo sa isipan ko, negatibo ang kapaligiran ko, wala akong panahon sa misis ko at wala akong buhay! Higit sa lahat, ang paboritong libangan ng boss ko ay ang hasain ang boses niya sa pamamagitan ng paninigaw sa tauhan niya.

Kinailangan ko talaga ng tulog at kaunti pang katiwasayan at katahimikan. Kaya't tumawag ako sa Diyos. Tuwing tanghalian, ipinagpapaliban ko ang pagkain para magsimba at tunghayan ang Panginoon. Gusto ko na sanang sumuko. Paminsan-minsan, ayos lang na sumuko, lalo na kung isusuko mo ang lahat sa Panginoon. Sa ganitong pagkakataon kumikilos ang Diyos. Nang "sumuko" ako, nagdatingan ang mas magagandang oportunidad sa akin, at kasabay nito, sangkatutak na karunungan. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Isuko mo sa Panginoon ang nagbibigay-tensyon sa buhay mo ngayon.

*Jesus, salamat sa mga problema. Inilalagay ko sila sa Inyong mga kamay.*

***San Tressan, ipanalangin mo kami.***

**8**
LUNES
**PEBRERO**

1 Mga Hari 8:1-7, 9-13
Salmo 132:6-7, 8-10
**Marcos 6:53-56**

*Inilalapit... ang mga may karamdaman...(upang) mahawakan man lamang ang laylayan ng kanyang damit. At ang lahat ng makahawak... ay gumagaling. – Marcos 6:56*

# PANATIKO O PUNO NG PANANAMPALATAYA?

Isang masugid na tagahanga si Alma na sumusunod sa idolo niyang artista kahit saan ito magpunta — kahit gaano kalayo o kahirap ito para sa kanya. Nang tanungin siya kung ano ang napapala niya sa pagiging masugid na tagahanga, ang simpleng sagot ni Alma, "Masaya ako kapag nakikita ko't nakakapiling ang idolo ko, kahit hindi niya ako napapansin sa dami ng tao pero nahahawakan ko naman ang kamay niya. Sapat na 'yon para sumaya ang araw ko at mawala ang pagod ko sa pagsunod sa kanya."

Wala namang hinihingi ang Diyos sa atin para paulanan Niya tayo ng mga biyaya. Hindi Niya binibilang kung ilang beses tayong nagnonobena, kung gaano tayo katagal sa loob ng simbahan o kung gaano na karami sa mga kagamitan o ari-arian natin ang naialay natin sa Kanya. Ang hinihiling lang Niya sa atin ay ang manalig tayo sa Kanya at sumunod sa Kanyang utos. At kasunod nito, darating ang mga biyaya Niya. Ang mahalaga sa Diyos ay hindi ang nakikita Niya sa ating panlabas na anyo kundi ang katapatan at pag-ibig na nasa puso natin.

Dinidinig ng Diyos ang sino mang tumatawag sa Kanya nang may pananampalataya. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Walang taong hindi mahalaga sa mga mata ng Diyos na hindi Niya kahahabagan at iibigin.

*Patawarin Mo ako, Panginoon, sa mga pagkakataong nag-alinlangan ako kung naririnig Mo ako. Tulungan Mo akong makita na naririto Ka sa tabi ko, iniibig ako nang lubusan. Amen.*

***San Cuthman, ipanalangin mo kami.***

**9**

MARTES

**PEBRERO**

1 Mga Hari 8:22-23, 27-30
Salmo 84:3, 4, 5, 10, 11
**Marcos 7:1-13**

*"... kapag sinabi ng isang tao... 'Naihandog ko na sa Diyos ang mga tulong ko sa inyo'; ang taong iyon ay hindi na ninyo pinapatulong sa kanilang mga magulang." – Marcos 7:11-12*

## ANG BATAS NG DIYOS, HIGIT SA LAHAT

Ipinagdidiinan ni Hesus ang pagka-ipokrito ng mga Pariseo na gumagawa ng sarili nilang batas na salungat sa batas ng Diyos at ito ay kanilang ipinapatupad sa mga tao.

Maaaring nakikita natin ngayon ang kamalian ng mga Pariseo ng mga panahong iyon ngunit maaaring tayo rin ay nakakagawa ng parehong pagkakamali.

Nagbibigay ba tayo ng limos sa mga kapus-palad nating kababayan o sinasabi nating ito ay ipinagbabawal ng batas? Namamahagi ba tayo ng tulong sa mga nasalanta ng kalamidad o sinasabi nating mga madadayang opisyal lamang ang makikinabang niyan? Tumutulong ba tayo sa paglaganap ng kaharian ng Diyos o sinasabi nating mayaman naman ang simbahan at kaya nitong tumayo sa sarili?

Ang batas ng Diyos ay pag-ibig. Mas maganda ng magkamali sa pagbahagi ng pag-ibig kaysa sa sumunod sa batas na nag-aalis ng pagkakataon magbahagi nito. *Jess Santos (jesus_santos_07@yahoo.com)*

Pagninilay: Kailan tayo nakasunod ng batas ng tao ngunit nawala naman sa atin ang pagkakataong maibahagi ang pag-ibig ng Diyos?

*Mahal naming Diyos, bigyan Mo ako ng isang mapagbigay at mapagmahal na puso na hindi magpapalagpas ng pagkakataon na maibahagi ang Iyong pag-ibig.*

***San Alexander, ipanalangin mo kami.***

**10**

MIYERKULES

**PEBRERO**

**1 Mga Hari 10:1-10**
Salmo 37:5-6, 30-31, 39-40
Marcos 7:14-23

*Humanga ang reyna sa karunungan ni Solomon …*
*– 1 Mga Hari 10:4*

# KARUNUNGAN MULA SA ITAAS

Sa tingin mo matalino ka? Subukan mong sagutin ang pagsusulit na nakuha ko sa *email* at tingnan mo ang kalalabasan. May mga batang naglalaro sa dalawang riles ng tren. Ang isang bata ay nasa hindi ginagamit na riles; ang karamihan ay nasa gumaganang riles. Ang tren ay parating na. Pwede mong baguhin ang direksyon ng tren at dalhin ito sa hindi ginagamit na riles o pwede mong pabayaan na tumuloy ang tren sa dati niyang daan. Ano ang desisyon mo?

Kung ikaw ay tulad ng karamihan, pipiliin mong ibahin ang direksyon ng tren at isakripisyo ang isang bata. Pero naisip mo ba na baka kaya hindi ginagamit ang riles na 'yon ay dahil delikado itong gamitin? Ang pagdala ng tren sa riles na 'yon ay nagbabadya ng panganib hindi lamang sa buhay ng isang bata kundi sa buhay ng maraming pasahero ng tren.

Maraming beses sa buhay natin na kailangan nating gumawa ng matinding desisyon. Tandaan, ang mabilisang pagdedesisyon ay hindi maaaring parating tama. Sa ganitong sitwasyon, pwede tayong humingi sa Diyos ng karunungan para magabayan tayo sa tamang pagpili. Ang Diyos ay nagbibigay ng lubos sa mga humihingi sa Kanya. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: "Nguni't kung kulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan; sapagkat ang Diyos ay saganang magbigay at di nanunumbat." (Santiago 1:5)

*Panginoong Diyos, bigyan Mo ako ng karunungan upang ako'y makapili ng tama.*

***San Aponio, ipanalangin mo kami.***

**11**

HUWEBES

**PEBRERO**

1 Mga Hari 11:4-13
Salmo 106:3-4, 35-36, 37, 40
**Marcos 7:24-30**

*Ngunit sinabi ni Hesus, "Kailangang busugin muna ang mga anak." – Marcos 7:27*

# MGA ANAK MUNA

Ako'y natulala sa regalo ni Trina. Hindi ako makapaniwala na binigyan niya ako ng isang tunay na Louie Vuitton bag at hindi peke lamang sa aking kaarawan. Hindi ko malaman kung ako ay matutuwa o magagalit. Ako'y nanghinayang sa perang ginastos niya para sa akin at gusto ko siyang pagalitan. Nguni't kasabay nito ang aking kagalakan dahil ipinakita ng aking anak na dalaga ang tindi ng kanyang pagmamahal.

Kapapasa lamang ni Trina sa *bar exam* pagkatapos ng limang-taong puyat at pagtitiyaga sa *law school*. Siya ay isang *junior associate* ng kilalang *law firm*. Idinulot niya ang mga una niyang kita sa pagbili ng magaganda at magagarang gamit sa bahay tulad ng *big size flat screen TV*, LCD *desk top computer* at iba pa.

Isinulat niya sa *birthday card* ang isang pasasalamat. "Para sa lahat ng panahon na kami ang lagi mong inuuna…" Ako ay napaiyak. Dahil sa lahat ng bagay ay palaging sina Peevee at Trina ang pangunahing prioridad bago ang aming sariling pangangailangan ni Raul, ang aking asawa.

Kung ganito kami na hamak na pangkaraniwang mga magulang lamang, ano pa kaya ang pagmamahal na idinudulot ng ating Ama sa langit? *Mari Sison-Garcia (mari_sison_garcia@yahoo.com)*

Pagninilay: "Ang nagtitiwala sa iyo'y magagalak, masayang aawit sila oras-oras" (Awit 5:11)

*Mahal na Ama namin sa langit, maraming salamat po sa Inyong pagmamahal na walang kapantay.*

***San Severino, ipanalangin mo kami.***

**12**
BIYERNES
**PEBRERO**

1 Mga Hari 11:29-32; 12:19
Salmo 81:10-11ab, 12-13, 14-15
**Marcos 7:31-37**

*Inilayo muna ni Hesus sa karamihan ang lalaki... – Marcos 7:33*

## KARAMIHAN

Minsan, nasa Misa kami nang sinubukan ng tatlong taong gulang naming anak ang aming pasensya. Matapos ang sermon, tumigil ang pari para bigyan ang kongregasyon ng ilang minuto para magnilay. Pero may isang nakabibinging tunog na bumasag sa katahimikan.

Iminulat ko ang aking mata at nakita ko ang anak kong tinutulak ang isang upuan. Hinatak ko siya at sinabihan kong pumikit siya't magdasal. Sumunod naman siya, pero di pa nagtatagal ay sumigaw siya, "Gisingin mo ako pag nakatulog ako ha?" Pagkatapos nito, hiniling ng pari na ibuka namin ang mga palad namin bilang tanda ng pagtanggap kay Hesus. Narinig ito ng anak namin. "Mama, ayoko na ng gum ko," sabi niya. Iniluwa niya ang *bubblegum* at inilagay ito sa palad ng misis ko. Napangiti na lang ako at kinalong ko siya bago pa man niya maistorbo ang karamihan ng mga nagsisimba.

Tulad ng lalaki sa Ebanghelyo, may mga sarili tayong "karamihan." Maaaring ito'y ang mga trabaho natin, habituwal na kasalanan o mga di-mabuting ugnayan, pero inilalayo tayo ng mga ito sa pagnanais nating mapalapit kay Hesus. Kaya kailangan natin ng oras na makapag-isa sa piling ng Panginoon. Makapagpapalakas tayo sa ganitong paraan at kakayanin nating harapin ang bagong araw taglay ang Kanyang kaloob na biyaya't lakas. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: Kapag nakakapiling natin ang Diyos araw-araw, nakakayanan nating harapin ang mga "karamihan" natin sa buhay.

*Panginoon, ipinapanalangin ko ang mga alalahanin ko sa araw na ito. Nawa'y itulak ako ng mga ito na mapalapit sa Iyo kaysa mapalayo. Amen.*

***San Julian, ipanalangin mo kami.***

13

SABADO

PEBRERO

1 Mga Hari 12:26-32; 13:33-34
Salmo 106:6-7ab, 19-20, 21-22
**Marcos 8:1-10**

*Kumain ang lahat at nabusog. Nang tipunin nila ang lumabis, nakapuno pa sila ng pitong kaing. – Marcos 8: 8*

## SOBRA-SOBRA

Pagkapatapos ng aming *prayer meeting*, The Feast, sa St. Paul the Apostle Parish sa Timog Avenue sa Quezon City, madalas kaming naghahanda ng merienda. Tinapay na may palaman o *cake* at *juice*, OK na.

Pero nung minsan, hindi makapagsisilbi ang mga miyembro ng aming *Food Ministry* sapagka't may iba silang aasikasuhin. Kaya't akala namin wala kaming merienda sa aming Feast.

Nguni't isa sa mga dumadalo sa *prayer meeting*, si Edel Nantes, ay nagdiwang ng kanyang kaarawan sa aming Feast. Kaya't imbis na merienda lang, talagang nag-piyesta kami!

Gaya ng mirakulo ng tinapay at isda sa Ebanghelyo sa araw na ito, lahat ay kumain at nabusog. At eto pa, may sobra pang pagkain, na ibinahagi naman namin sa mga istambay sa labas ng simbahan.

Nakakagulat talaga kung ano ang nagagawa ng Diyos kapag iniaalay natin sa Kanya kung ano mang meron tayo. Sa Kanyang kamay, ang kaunting meron tayo ay maaaring maging pagkain na kayang busugin ang mga madla. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Magbigay ka ng pagkain ngayong araw na ito.

*Ama namin, bigyan Mo kami ng aming kakanin sa araw na ito.*

***San Benigno, ipanalangin mo kami.***

**14**
LINGGO
**PEBRERO**

Jeremias 17:5-8
Salmo 1:1-2, 3, 4, 6 (40:5a)
**1 Mga Taga Corinto 15:12, 16-20**
Lucas 6:17, 20-26

*Ngunit ngayong si Kristo'y muling binuhay...*
*– 1 Mga Taga Corinto 15:20a*

# HIBANG NA PAG-IBIG

Narito ang dalawang nakahihibang na istorya ng mga taong namatay. Ang una ay tungkol sa mag-asawang baliw na pasyente sa ospital. Isang araw, naghatid ng maganda't masamang balita ang superbisor ng ospital kay misis. Puwede na raw siyang lumabas ng ospital dahil iniligtas niya ang mister niya nang nalulunod ito sa languyan. Ang masamang balita ay, nagpakamatay ang mister niya. Itinanggi ito ng misis, "Hindi, hindi niya ginawa 'yon. Isinabit ko siya para matuyo nang hindi siya sipunin!" Baliw na pagmamahal!

Ang isa namang kuwento ay tungkol sa isang Ama na ipinadala ang Anak Niya upang mag-alay ng buhay alang-alang sa mga taong nanakit at nangutya sa Anak. Kahibangan? Oo, hibang sa pag-ibig ang Ama. Isinugo ng Ama ang Kanyang kaisa-isang Anak bunga ng pagmamahal. At ang sabi ng Anak habang nakapako Siya sa krus, "Ama, patawarin Mo sila dahil hindi nila alam ang kanilang ginagawa." Sa tao, kahibangan ito. Pero ang Diyos ay banal. At tanging Siya lang ang may ganitong kalalim na pag-ibig upang pahintulutang mamatay ang Anak Niya para sa kaligtasan natin. At ang Anak, bunga rin ng pag-ibig, ay tinanggap ang kamatayan.

Ito sanang pag-ibig na ito ang maging dahilan ng pagdiriwang natin ng Araw ng mga Puso. Pagpalain ang puso mo sa araw na ito!

*Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Hibang ka kung hindi mo tatanggapin ang kaligtasang iniaalok ng Diyos.

*Salamat sa Iyong krus at sa mga kamay Mong ipinako sa krus.*

***San Maro, ipanalangin mo kami.***

**15**
LUNES
**PEBRERO**

Santiago 1:1-11
Salmo 119:67, 68, 71, 72, 75, 76
**Marcos 8:11-13**

*"…hiningi nila na magpakita si Hesus ng isang tanda mula sa langit…." – Marcos 8:11*

## PAGHINGI NG TANDA

Isang kaibigan ko ang nagdasal kay Sta. Teresa at humingi siya ng tanda bilang kumpirmasyon na ang kanyang hiling ay matutupad. Kinabukasan, nakaamoy siya ng halimuyak ng mga sariwang bulaklak.

Isang dati kong kaopisina ay nagkwento kung paanong kinumpirma ni Sta. Teresa ang desisyon niya na umalis sa kanyang trabaho sa pamamagitan ng tandang kanyang hiniling: mga marisol.

Sinubukan ko din ito. Nagdasal ako kay Sta. Teresa at humingi ng tanda. Naghintay ako pero walang tandang binigay. Nadismaya ako. Bakit sa iba nagbibigay siya ng mga tanda pero hindi sa akin?

Ang mga Pariseo ay humingi kay Hesus ng tanda mula sa langit para subukin Siya dahil sinasabi nila na ang mga dating mga milagrong ginawa ni Hesus ay hindi galing sa Diyos. Si Hesus ay hindi sumunod sa gusto nila. Alam Niya na kahit gumawa pa Siya ng milagro, hindi pa rin sila maniniwala.

Ang pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang kapangyarihan ay nagmumula sa isang malalim at personal na relasyon sa Kanya at hindi sa pagpapalabas ng mga himala at tanda. Lumalim na ang aking pananampalataya at hindi na ako umaasa sa tanda. Si Hesus lang ang tanging tanda na kailangan ko. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: Hindi ka ba makapag-desisyon ng walang tanda? Ang tanging tanda na kailangan natin ay si Hesus.

*Patawarin Mo ako, Panginoon, sa mga pagkakataon na mas nanalig ako sa mga tanda kaysa sa pananampalataya ko sa Iyo.*

***San Jordan, ipanalangin mo kami.***

**16**
MARTES
**PEBRERO**

**Santiago 1:12-18**
Salmo 94:12-13a, 14-15, 18-19
Marcos 8:14-21

*Natutukso ang tao kapag siya'y naaakit at nagpapatangay sa kanyang sariling nasa. – Santiago 1:14*

## *SHOPAHOLIC*

Isang ganap na *shopaholic* ang kaibigan kong si Charmaine. Binibili niya ang mga bagay na hindi naman niya talaga kailangan.

"Isang relo na nagkakahalagang P17,000? Anong pinagkaiba n'yan sa ibang relo na mas mura?" tanong ko sa kanya minsan nang ikinuwento niya sa akin kung ano ang gusto niyang bilhin.

"Hindi ko mapigil ang sarili ko eh. Tuwing nakikita ko 'yon, parang tinatawag niya ako na kailangan ko siyang bilhin," katwiran niya.

"Puwede mong iwasang bumili," paliwanag ko sa kanya, "basta tigilan mo na ang kapupunta sa tindahang 'yon para hindi ka na kausapin ng relong 'yon!"

Kahibangan kapag ikinakatwiran nating tama ang isang kamalian, lalo na kung ito ay hilig nating gawin nang paulit-ulit. May mga bagay sa buhay natin na hindi natin maisuko, mga bagay na alam nating hindi ikinagagalak ng Diyos pero patuloy nating kinakapitan dahil nagdudulot ito sa atin ng kasiyahan.

Pero huwag tayong paloloko. Ang tila'y nakasisiyang bagay ay maaaring maging kasangkapan ng demonyo para lalo tayong ibaon sa kasalanan. Kumilos ka ngayon at putulin na ang habituwal na kasalanan bago maging huli ang lahat. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Walang masamang kinagawian ang napakalakas para putulin kung talagang nais nating putulin ito. Walang nakaaakit na hindi natin malalabanan gamit ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.

*Panginoon, gabayan Mo ako sa landas ng tama at mabuti.*

***San Daniel, ipanalangin mo kami.***

**17**

MIYERKULES

**PEBRERO**

Joel 2:12-18
Salmo 51:3-4, 5-6ab, 12-13, 14, 17
2 Mga Taga-Corinto 5:20-6:2
**Mateo 6:1-6, 16-18**

*Miyerkules ng Abo*

*"... kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto.... at ang iyong Ama na nakakakita ng ginagawa mo sa lihim ang siyang magbibigay sa iyo ng gantimpala." – Mateo 6:6*

# LIHIM NA DASAL

Isinama ni Jhen ang anak niyang si Rafael para mag-enrol sa ibang paaralan. Pero napabilang si Rafael sa klase ng narsery kahit halos anim na taong gulang na ito. Sinabi ng prinsipal kay Jhen na hirap pa ang bata sa mga pundamental na konsepto tulad ng pagbibilang at pagbabasa. Ikinalungkot ito ni Jhen. Alam niya na ang pag-ulit ng anak niya sa narsery ay nangangahulugang magbabayad siya ng matrikula para sa karagdagang taon. Bilang solong magulang, kahit anong ipon ay malaking tulong sana sa kanila ng apat niyang anak. Pero wala na siyang opsyon kaya pumayag siya.

Nagulat si Jhen nang napasama si Rafael sa limang pinakamagagaling sa klase noong unang anim na buwan ng taon. Sa pagtatapos ng ikatlong *quarter*, nasa pangalawang ranggo na si Rafael.

Nang bumisita siya sa eskuwela, sinabi ng prinsipal na napakasaya niya sa pag-unlad ni Rafael sa klase. Natuwa rin si Jhen nang sinabi ng prinsipal na ipagdarasal niya lagi ang pagbuti ni Rafael at laking pasalamat ni Jhen sa Diyos dahil ibinigay Niya ang kahilingan niyang bumuti sa pag-aaral ang anak.

Ang pagdarasal para sa isang alalahanin ay mas mabisa kapag ginagawa nang palihim, at ang tangi mong saksi ay ang Diyos. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: Maghanap ka ng tagong lugar ngayon kung saan mo maaaring makausap nang masinsinan si Hesus.

*Panginoon, nais Kitang makilala sa mas malalim na paraan. Ipakita Mo ang sarili Mo sa akin.*

***San Benedicto ng Cagliari, ipanalangin mo kami.***

# 18

HUWEBES

**PEBRERO**

Deuteronomio 30:15-20
Salmo 1:1-2, 3, 4, 6
**Lucas 9:22-25**

*"Ano nga ang mapapala ng tao, makamtan man niya ang buong daigdig kung ang mapapahamak naman ay ang kanyang sarili." – Lucas 9:25*

## BATANG *FIFTH AVENUE*

Ang Fifth Avenue ay isang patahian sa Maynila noong dekada '60 na nabansagang "sastre ng mga bituin" kasi dito nagpapatahi ang mga sikat na artista. Ang patahian ay pag-aari ng pamilya ng kabigan kong si Nick Resurrecion. Dahil malakas kumita ang patahian, lumaki sa karangyaan si Nick. Siya at ang kanyang asawang si Malou ay komportable ang buhay. Nguni't dahil siya ay laki sa layaw, lagi silang nag-aaway ni Malou, hanggang wala nang magawa si Malou kundi dumulog sa Diyos at dumalo sa prayer meeting.

Para lang pagbigyan si Malou, dumalo rin si Nick sa *prayer meeting*, subali't, kwento niya sa akin, itinataon niya ang pagdating niya kapag malapit nang matapos ang pagtitipon.

Isang araw, dumating si Nick nang ang lider ay nagdadasal nang patapos na ang pagtitipon. Nagulat na lang si Nick nang marinig niyang ipinagdarasal siya ng lider. Di niya akalain na may nagmamalasakit pala sa kanya. Mula noon, palagi nang dumadalo si Nick sa prayer meeting at natutunan niya na kahit makamtan niya ang buong mundo, wala siyang mapapala kung malayo siya sa Diyos.

Kapag kumakapit tayo sa mga pang panandalian lamang, madalas nagiging hadlang ito para makamit natin ang mga bagay na walang hanggan. Nguni't lahat ng isinusuko natin sa Diyos ay babalik nang mas higit pa sa ibinigay natin. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Ano ang inaasam-asam mong makamtan sa mga araw na ito?

*Panginoon, sana'y Ikaw ang maging sentro ng aking buhay.*

***Sta. Agata Lin, ipanalangin mo kami.***

19

BIYERNES

PEBRERO

**Isaias 58:1-9**
Salmo 51:3-4, 5-6ab, 18-19
Mateo 9:14-15

*"Ganyan ba ang pag-aayunong aking kaluluguran?" – Isaias 58:5*

# SALU-SALO SA KUWARESMA

Naiuugnay ko na ang pag-aayuno sa pagbabawas ng pagkain o sa tuluyang pag-iwas sa pagkain. Kaya napakahirap na panahon ang Kuwaresma para sa akin. Mahilig kasi akong kumain! *Chicharon, kare-kare, sinigang,* pasta, ekstrang kanin, atbp. Sarap!

Pero ang Kuwaresma ay isang pista rin — isang "salu-salo" kung nais mong tawagin. Inaanyayahan tayong makisalo sa pag-aayuno. Upang ikasiya mo ang mga benepisyo nito at hindi pagtiisan. Para mapalapit ka sa May-handa sa panahong iyon sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa espiritu natin na magpakasasa sa *bottomless* na tubig na nagbibigay-buhay, sa nag-uumapaw na pagkaing pangkaluluwa at mga biyaya.

Sa espesyal na paraan, nagkakaroon tayo ng pagkakataong makiisa sa mga taong nakatatanggap ng benepisyo sa pag-aayuno natin, pagbabahagi ng pagkain sa mga nagugutom, pagbibigay ng tubig sa mga nauuhaw, pagbibigay sa mga nangangailangan, pagpapatawad sa mga nagkakautang sa atin at paglilingkod sa ating Hari. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Ano ang pananaw ko tungkol sa pag-aayuno? Pinahihintulutan ko ba ang iba na makatanggap ng benepisyo mula sa akin?

*Panginoong Hesus, salamat sa panahong ito, sa pagkakataong ikasiya ang espirituwal na salu-salo! Amen.*

***Banal na Lucy, ipanalangin mo kami.***

**20**

SABADO

**PEBRERO**

Isaias 58:9b-14
Salmo 86:1-2, 3-4, 5-6
**Lucas 5:27-32**

*Tumayo nga si Levi, iniwan ang lahat, at sumunod at naglingkod kay Jesus. – Lucas 5:28*

# DALI-DALING PAG-ALIS

Sa linggong ito, 24 na taon na ang nakalilipas, nilisan ng pamilya Marcos ang Malacañang sa kalagitnaan ng People Power Revolution. Ilang oras bago naganap ang makasaysayang sandaling iyon, sumumpa ang diktador sa pang-apat niyang termino at idiniin na hindi siya magbibitiw sa puwesto. Dahil dali-daling lumisan ang pamilya, nang sinugod ng mga raliyista ang palasyo ay nadatnan pa nila ang hapag-kainan ng mga Marcos, may pagkain pa sa mga mamahalin nilang pinggan, at kalahating saging sa tabi ng kama ng dating Unang Ginang. Nagkalat ang mga walang lamang kahon ng alahas sa sahig ng kuwarto ni Imelda habang sa banyo ng diktador ay may mga gamit na lampin ng matanda.

Malinaw na nilalarawan ng eksenang ito kung ano ang ibig sabihin ng "iwan mo ang lahat." Iyon ang ginawa ng maniningil ng buwis na si Levi nang inanyayahan siya ni Hesus na sumunod sa Kanya. Isipin mo, nasa poste ng tungkulin si Levi nang tawagin siya ng Panginoon. May trabaho siya at siguro may mga nakaw na pera pa sa mga kahon ng mesa niya. Pero nang narinig niya ang mapilit na paanyaya ni Hesus, hindi na siya nag-abala pang iligpit ang mesa niya. Tumayo bigla si Levi at sumunod kay Hesus.

Kapag tinatawag tayo ng Panginoon, dali-dali ba tayong tumutugon? *Rissa Singson-Kawpeng (justbreatherissa@gmail.com)*

Pagninilay: Sumusunod ka ba agad tuwing ipinaaalam sa iyo ng Diyos ang kalooban Niya?

*Panginoon, bigyan Mo po ako ng tapang na sumunod sa Iyo nang walang takot.*

***Sta. Amata, ipanalangin mo kami.***

**21**
LINGGO
**PEBRERO**

Deuteronomio 26:4-10
Salmo 91:1-2, 10-11, 12-13, 14-15
Mga Taga Roma 10:8-13
**Lucas 4:1-13**

*Mula sa Jordan, bumalik si Jesus na puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu sa ilang sa loob ng apatnapung araw, at doon siya'y tinukso ng diyablo. – Lucas 4:1-2a*

# PAGPAPALIBAN

Minsan, tinipon ni Satanas ang mga kampon niya. Ang mga demonyo'y inatasang maglatag ng mga istratehiya nila sa kung paano nila gagawing mas mabisa ang pamamaraan nila ng panunukso upang mas marami silang madalang tao sa impiyerno. Sinabi ng isang diablo na tutuksuhin niya ang mga tao sa pagdiriin na walang Diyos at maaari nilang gawin ang kahit anong ninanais nila nang walang kaparusahan. Natuwa si Satanas.

Sabi naman ng isa pang diablo, "Sasabihin ko sa mga tao na walang langit at impiyerno, at hindi nila dapat ikatakot kung saan sila mapupunta sa huling hantungan nila." Mas natuwa si Satanas. Nguni't may isa pang diablong nagsalita, "Sasabihin ko sa mga tao na magsisi sila't magbago." Nagalit si Satanas. Pero hiniling ng diablong ito kay Satanas na patapusin muna siya sa pagsasalita. Dagdag niya, "Sasabihin ko nga sa kanila na magsisi't magbago, pero *huwag ngayon; ipagpaliban muna nila."* Pinalakpakan ito ni Satanas.

Ang pagpapaliban ng mga bagay ukol sa ating buhay pananampalataya ay isa sa mga pinakamabisang kasangkapan ng diablo. Magpasya tayo ngayon na pagtuunan ang mga bagay na maghahatid sa atin sa Diyos at sa langit. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Kagawian mo ba ang ipagpaliban ang mga mabubuting gawain? Baka hindi na dumating ang bukas.

*Ama sa langit, pagtibayin Mo po ang paninindigan kong gawin ang mga bagay na ikalulugod Mo.*

***San Valero, ipanalangin mo kami.***

22

LUNES

PEBRERO

1 Pedro 5:1-4
Salmo 23:1-3a, 4, 5, 6
**Mateo 16:13-19**

*Tinanong ulit sila ni Hesus, "Nguni't para sa inyo, sino ako?" – Mateo 16:15*

# MASAMANG DAMO

"Mga ligaw na bulaklak lang 'yan, Jane. Ang tawag talaga namin d'yan ay masamang damo." Pinagtawanan ako ng mga kaibigan ko nang kinunan ko ng retrato ang mga *dandelion* habang naglalakbay kami paakyat sa bundok.Hindi ko alam noon na ang mga *dandelion* pala ay itinuturing na masasamang damo pero nagagandahan talaga ako sa kanila kaya't kinunan ko sila ng retrato. "Hmm, ang ganda ng kinalabasan ah," sabi ng isang kaibigan ko pagkakita niya sa retrato. Sumagot ako, "Palagay ko nasa pananaw lang talaga 'yan."

Ang Diyos, tulad ng masasamang damo, ay matatagpuan kahit saan at ang pagkakakilala natin sa Kanya ang tutukoy sa uri ng ugnayan natin sa Kanya. Paminsan-minsan nagiging sukdulan ito. Maaaring hindi natin Siya gaanong kilala kaya hindi man lang natin alam kung paano Siya pakikitunguhan, o sa tingin natin kilalang-kilala natin Siya na hindi na natin Siya nabibigyang pansin at pinagtutuunan natin ang ibang bagay. Depende talaga ito sa kung saan natin ilulugar ang Diyos sa buhay natin at kung anong mga bagay ang madalas natin pagtuunan.Depende ito sa priyoridad natin at sa kung ano ang ating isinasantabi. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Ang paglalakbay sa tabi Niya bawat araw ang dahilan kung bakit tayo nilikha ng Diyos. Ito ang pinakamabuting paraan para makilala mo Siya.

*O Diyos, pag-alabin Mo po ang puso ko sa pagnanais na mas makilala Ka at maintindihan nang lubos ang Iyong mga pamamaraan. Amen.*

***San Elwin, ipanalangin mo kami.***

**23**
MARTES
**PEBRERO**

Isaias 55:10-11
Salmo 34:4-5, 6-7, 16-17, 18-19
**Mateo 6:7-15**

*"... at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin." – Mateo 6:12*

# PANGALAWANG SUBOK

Noong nasa kolehiyo ako, lagi akong sumasali sa mga organisasyon at mga samahan. Pakiramdam ko hindi sapat ang mapabilang sa isang organisasyon lang para maging okupado ako kaya't nagpasya akong sumali sa tatlo. Naging aktibo rin ako sa dalawa sa kanila.

Bumalik sa akin ang di-mabuting bunga nito dahil mas marami akong oras na iginugol sa mga miting ng *club* kaysa sa pag-aaral ko. Sa pagtatapos ng semestre, bumagsak ako sa isang klase ko sa pinakaunang pagkakataon.

Buti na lang, inalok uli sa susunod na semestre yung klaseng naibagsak ko. Naipasa ko din siya at nakahabol ako sa mga kaklaseng kasabay ko noon.

Tulad ng pagkuhang muli ng isang klase, ang pangungumpisal ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong humingi ng tawad at panibaguhin ang ugnayan natin sa Diyos. Para kang nagpapalista uli sa klase kung saan ang guro mismo ang nagbibigay ng lahat ng sagot at siya pa ang nagbabayad ng matrikula. Nakahihinayang na paminsan-minsa'y hindi natin binibigyang halaga ang sakramento ng kumpisal.

Kailan ka huling nangumpisal? Gamitin natin ang malaking pribilehiyong ito at lumapit tayo sa Panginoon nang may malinis na kalooban. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: Binayaran na ni Hesus ang ating kapatawaran kaya't libre lang mangumpisal.

*Hesus, salamat at pinatawad mo ang lahat ng aking kasalanan.*

***San Pedro Damian, ipanalangin mo kami.***

24

MIYERKULES

PEBRERO

Jonas 3:1-10
Salmo 51:3-4, 12-13, 18-19
**Lucas 11:29-32**

*"Anong sama ng mga tao ngayon! "– Lucas 11: 29*

## SAGIPIN ANG MGA BATA

Minsan dumalo ako sa Bulong Pulungan, isang *media forum* sa Hotel Sofitel, at ang panauhin ay si Edu Manzano, ang puno ng Optical Media Board. Ang ahensiyang ito ang nangungumpiska ng mga pekeng CD at DVD. Ipinakita ni Edu ang isang DVD na nakumpiska niya na ang palabas ay sinabi niyang nakakadismaya at di-masikmura. Ito ay kalaswaan na ang biktima ay mga batang babae.

Makaraan ang isang linggo, naimbita naman ako sa isang *press conference* tungkol sa *human trafficking*. Ang panauhing pandangal naman dito ay si Kristie Kenny, embahador ng Amerika sa Pilipinas. Sinabi niya na ang *human trafficking* ay isang krimen at nanawagan siya na labanan ito habang buhay.

Pagkatapos noon, nakatanggap naman ako ng isang artikulo na sinulat ni Rey Ortega, ang nagtatag ng Tahanan ng Pagmamahal, isang bahay ampunan na sinusuportahan ng Light of Jesus. Doon binanggit ang tungkol sa isa sa mga ulila na biktima ng panggagahasa.

Oo, ang mga bata ay biktima ng mga taong dapat nagproprotekta sa kanila. Totoo nga ang isinasaad ng Ebanghelyo sa araw na ito: anong sama ng mga tao ngayon! Ipagdasal natin ang mga bata at ang mga tumutulong sa kanila. At gawin natin ang ating abot-kaya upang labanan ang kasamaang ito. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Paano mo matutulungan ang mga tumutulong sa mga batang inaapi?

*Panginoon, sana'y maibigay ko ang aking oras, talino at iba pang kakayahan upang mapuksa ang* human trafficking *at pornograpiya ng bata.*

***Sta. Adela, ipanalangin mo kami.***

25

HUWEBES

PEBRERO

Esther C:12, 14-16, 23-25
Salmo 138:1-2ab, 2cde-3, 7c-8
**Mateo 7:7-12**

*"Kaya gawin ninyo sa inyong kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo." – Mateo 7:12*

# ANG GININTUANG ARAL

"Huwag kang masyadong umasa sa mga tao. Kapag wala ka nang maibigay, iiwan ka nila," sinabi sa akin ng aking ama. Noong kasaganahan pa niya, siya'y mapagbigay sa kanyang mga kaibigan at katrabaho. Pero nang nawalan siya ng trabaho dahil nagsara ang restawran na kanyang pinapasukan, ang tinatawag niyang mga kaibigan ay iniwasan at iniwanan siya.

Noong panahon rin ng kasaganahan ko, marami rin akong nabiyayaan. Ngunit nang ako'y maagang nagretiro sa aking trabaho para sundin ang pangarap ko, ang buhay pinansyal ko ay naging matumal dahil kailangan kong itatag ang aking bagong karera mula simula. Itinago ko muna ang tunay na sitwasyon ko sa mga tao at kahit sa mga kaibigan ko sa takot na iwanan din nila ako. Nagkamali ako.

Hindi nila ako iniwan. Nagbigay sila ng tulong kahit hindi ko hinihingi. Marahil sa kanila, ito ay mga ordinaryong tulong lang tulad ng paglibre ng pagkain, pasa-load o pagbigay ng panggasolina, atbp. Maliit man ang halaga ng mga ito pero para sa akin, ito'y walang katumbas na halaga dahil ibinigay nila ang puso nila kasama nito. Salamat sa mga kaibigan ko, nasaksihan kong buhay ang ginintuang aral. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: Tumutulong ka ba dahil may inaasahan kang kapalit?

*Panginoong Diyos, iukit Mo sa puso ko ang pagnanais na laging makapagling-kod sa kapwa ko. Biyayaan Mo pa ako para marami rin akong mabiyayaan.*

***Banal na Constanto, ipanalangin mo kami.***

# 26

BIYERNES

PEBRERO

**Ezekiel 18:21-28**
Salmo 130:1-2, 3-4, 5-7a, 7bc-8
Mateo 5:20-26

*Ngunit kung ang isang taong matuwid ay magpakasama... Mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng kabutihang ginawa niya noong una. – Ezekiel 18:24*

## ANG GANAP NA HULMA

May ilang mga Kristiyanong gumagawa ng kabutihan para pagbayaran ang masamang nagawa nila. May mga mayayamang bukas-palad kung magbigay sa iba para mabawasan ang pagkakasala nila sa paggawa ng mga di-makatarungang bagay. Nandaraya sa buwis ang mga negosyante upang "makatulong" sa mas maraming tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho. Naniniwala ang mga Kristiyanong ito na ang pagpasok sa langit ay parang pagpasa sa pagsusulit sa timbangan ng katarungan. Sa paggawa ng mas maraming kabutihan kaysa kasamaan, akala nila'y magkakaroon sila ng karapatang pumasok sa langit.

Ang paggawa ng kabutihan ay laging tama; pero ang gawin ito para pagtakpan ang isang makasalanang gawain ay wala sa aklat ng pamantayan ng Diyos.

Sa pagawaan ng aming mga *paper bag*, paminsan-minsan may produkto ang makina na hindi maayos ang kalidad. Kaya't inaayos namin ang mga bag na ito gamit ang kamay. Kung hindi, hindi sila papasa at itatapon sila sa *recycling pit*. Kung pahihintulutan natin ang mga kamay ng Diyos na hubugin tayo ayon sa Kanyang pamantayan at hindi ang sa atin, makasisiguro tayong makapapasok tayo sa Kanyang kaharian. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Sino ang gumagabay sa iyo? Ang Mabuting Pastol ba o ang sarili mo lang?

*Ama, Kayo ang Magpapalayok at ako naman ang putik. Hubugin Niyo ako ayon sa kalooban Niyo.*

***San Victor, ipanalangin mo kami.***

**27**
SABADO
**PEBRERO**

Deuteronomio 26:16-19
Salmo 119:1-2, 4-5, 7-8
**Mateo 5:43-48**

*"Ngunit ito naman ang sinasabi ko, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo..." – Mateo 5:44*

# MGA MAHIHIRAP PAKITUNGUHAN

Madalas akong tuksuhin noon ng isang sinyor na manedyer sa opisina namin. Sa harap ng mga katrabaho ko, pabiro niya akong tinatawag na "*father*" dahil palagi akong may bitbit na Biblia at hindi ako nakikitawa sa mga di-magandang biro. Pagkaraan ng ilang buwan, nagkaroon ng krisis ang taong iyon sa buhay niya.

Minsan nakatrabaho ko ang aming presidente. Mabait siyang tao pero may mga araw na masakit siyang magsalita sa iba, pati sa akin. Pagdaan ng panahon nalaman kong malakas pala siyang uminom ng alak at maaga siyang namatay.

Naninigaw din ang isang kaopisina ko kapag may kapalpakang nangyayari sa trabaho. Inis na inis ako roon. Pero nalaman ko na may kakaibang sakit ang mga anak niya.

Pinadadala ng Diyos sa akin ang mga taong gumugulo sa katahimikan ko bilang paraan Niya ng pagtawag sa akin na ipagdasal sila — para sa kaligtasan nila o sa mga espesyal nilang pangangailangan. Paminsan-minsan, mas madali sa akin ang mairita na lang. Pero nais ng Diyos na maging biyaya ako sa kanila — na mahalin ko sila. Sa ganitong paraan, ako'y nagiging tulad ni Hesus.

*Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Nagdarasal ba ako kapag may nakakaharap akong tao na mahirap pakitunguhan?

*Jesus, nawa'y ipagdasal ko ang mga nakakaharap kong taong mahirap pakitunguhan. Ipaalala Mo sa akin na sila'y mga biyaya sa akin tulad ng tungkulin kong maging biyaya sa kanila.*

***Sta. Anne Line, ipanalangin mo kami.***

**28**

LINGGO

**PEBRERO**

**Genesis 15:5-12, 17-18**
Salmo 27:1, 7-8, 8-9, 13-14
Mga Taga Filipos 3:17-4:1 (o Mga Taga Filipos 3:20-4:1)
Lucas 9:28b-36

*Si Abram ay sumampalataya kay Yahweh, at dahil dito, siya'y itinuring ni Yahweh bilang isang taong matuwid. – Genesis 15:6*

# MAGTIWALA SA KANYA

Nangako ang Diyos kay Abraham na siya ay magiging ama ng maraming bansa sa kabila ng kanyang katandaan at baog na asawa. At si Abraham ay patuloy na naniwala at umasa.

Maraming pagkakataon na tayo ay nalalagay sa mala-imposibleng sitwasyon katulad ng kay Abraham. Naaalala mo ba kung ilang beses kang nag-alala sa kakapusan ng salapi sa pagtustos sa edukasyon, upa, pagkain o pati sa negosyo nguni't nalagpasan mo naman silang lahat? Hindi mo maipaliwanag nang husto kung paanong nangyari pero alam mong ang Diyos ang nagpuno ng lahat ng iyong kakulangan.

Ilang beses pa bang kailangan ng Diyos patunayan na hinding-hindi Niya tayo bibiguin o iiwan? Patuloy Siyang gumagawa ng daan sa tila walang malulusutan sa ating buhay. Hinati Niya ang Dagat na Pula para makatawid ang mga Israelita at makaligtas sa tiyak na kamatayan. Gagawa Siya ng daan sa buhay mo ngayon.

Ang Diyos na ating pinaglilingkuran ay sanay na gumawa ng imposible. Ilagay natin ang ating pananampalataya sa Kanya ngayon. Kung saan may pananalig, naghihimala ang Diyos. *Jess Santos (jesus_santos_07@yahoo.com)*

Pagninilay: Anong bahagi ng buhay mo ang nangangailangan ng pananampalataya? Buhayin mo ito sapagkat dito gumagawa ng mga milagro ang ating Diyos.

*Mahal naming Diyos, palaguin Mo ang aming pananampalataya. Tulungan Mo ang kawalan namin nito. Maranasan nawa namin ang buhos Mong pagpapala, Amen.*

***Banal na Villana, ipanalangin mo kami.***

1

LUNES

MARSO

Daniel 9:4b-10
Salmo 79:8, 9, 11, 13
**Lucas 6:36-38**

*"Magbigay kayo at kayo'y bibigyan ng Diyos..."*
*– Lucas 6:38*

# PABALIGTAD NA PAGBIBIGAY NG IKAPU

Matapos ang tatlumpung taong pagbibigay, sapat na ang kinikita ko ngayon at nakapagbibigay na ako ng 40 porsyento ng kita ko sa Diyos at sa mga mahihirap. (Alam kong mababawasan ang gantimpala ko sa langit dahil sinabi ko kung gaano kalaki ang binibigay ko. Pero OK lang sa akin 'yon. Gusto kong bigyan ng inspirasyon ang mga tao para lalo pa silang magbigay sa Diyos at sa mga mahihirap.)

Kaya ko sinasabing tunay na mayaman ako: dahil nagbibigay ako.

Pero heto ang totoong pangarap ko: Ang makapagbigay ng ikapu nang pabaligtad.

Gusto kong kumita nang malaki para makapagbigay ako ng 90 porsyento — at mabuhay sa natitirang 10 porsyento. (Oo, naiplano ko na ang lahat ng 'yan, nakasulat sa 15-pahinang *Dream Book* ko na binabasa ko tuwing umaga mahigit sampung taon na ngayon.)

Hindi ko sinasabing dapat kang magbigay ng 40 porsyento ng kita mo sa Diyos at sa mga mahihirap. Personal kong desisyon 'yan. Nabuhay ako sa *ministry* at paglilingkod at alam ko na kung anu-ano ang mga pangangailangan nito. Kaya ako nangarap ng ganito.

Pero ito ang hamon ko sa iyo: Kumita ka para makapagbigay ka.

At totoo ito: Hindi kailanman mahihigitan ng kahit sino ang Diyos sa pagbibigay. *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: Anong mayroon ka na hindi nagmula sa Diyos?

*Utang ko sa Iyo, Panginoon, ang lahat ng tangan ko. Pagkalooban Mo ako ng pusong mapagbigay upang mabahaginan ko ang mga nangangailangan.*

***San Aubin, ipanalangin mo kami.***

# 2

MARTES

MARSO

**Isaias 1:10, 16-20**
Salmo 50:8-9, 16bc-17, 21, 23
Mateo 23:1-12

*"Halikayo at tayo'y magpaliwanagan," sabi ni Yahweh. Gaano man kapula ang inyong mga kasalanan, kayo'y aking papuputiin, tulad ng yelo o bulak. – Isaias 1:18*

## DINALISAY

Matalik na magkaibigan noon sina Gina at Ellen. Pero may masamang nangyari kaya't nasira ang pagkakaibigan nila. Labis na nalungkot si Ellen dahil alam niyang may pagkakamali siya pero ayaw niyang aminin ito kaya't hindi siya humingi ng tawad kay Gina.

Matapos ang ilang taon, nagkita uli sila't nagbatian. Walang nagbanggit tungkol sa nakaraan, walang nagturuan kung sino ang nagkamali.

Ang Diyos, sa sakramento ng kumpisal, ay nililinis tayo sa ating kabuktutan. Hindi na mahalaga kung ano ang nakaraan natin. Hindi tinitingnan ng Diyos ang mga pagkakamali't kabiguan natin. Tinitipon Niya ang ating mga kasalanan at itinatapon ang mga ito sa karagatan ng pagkalimot at tayo'y muling dalisay. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Wala tayong maaaring gawin upang pigilan ang Diyos na ibigin tayo. Ang daan patungo sa kanya ay hindi kailanman nahaharangan. Kailangan lang natin maging mapagpakumbaba para tahakin ang landas Niya.

*Salamat, Panginoon, sa walang sukat Mong pag-ibig. Kung malilihis man ako sa Iyong landas, gabayan Mo ako pabalik sa Iyong liwanag. Ipinapanalangin ko ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Tagapagligtas. Amen.*

***San Willeic, ipanalangin mo kami.***

**3**
MIYERKULES
**MARSO**

Jeremias 18:18-20
Salmo 31:5-6, 14, 15-16
**Mateo 20:17-28**

*"Sapagkat maging ang Anak ng Tao ay naparito, hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ialay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng marami." – Mateo 20:28*

## ANO ANG GAGAWIN MO PARA SA PAG-IBIG?

Ang misis kong si Christine ay isang walang imik na tao. Pero isang araw mayroon siyang ginawang di-karaniwan para sa akin.

Pitong taon na ang nakalilipas, alam niya na ang isa sa mga gusto kong matanggap na regalo sa Pasko ay ang uniporme ng paborito kong basketbolista sa PBA. Noong panahong iyon, ang mga *jersey* ng mga manlalaro natin ay hindi pa ipinagbibili.

Pero walang pumigil sa kanya. Kahit na wala siyang kakilala sa kompanyang isponsor ng *team*, tumawag siya roon at nagtanong kung may puwedeng tumulong sa kanya. Nakausap niya ang tamang tao na masayang pinaunlakan ang kahilingan niyang makuha ang *jersey*. Nakatanggap pa siya ng mga libreng tiket para makapanood kami sa susunod na laro.

Ang *jersey* na iyon ay nananatiling isa sa mga paborito kong regalong natanggap sa Pasko. Espesyal iyon hindi dahil sa pag-aari iyon ng paborito kong manlalaro kundi dahil sa pagmamahal na ipinakita ng misis ko nang kinuha niya iyon para sa akin.

Nakahandang magdusa si Hesus para sa atin dahil mahal Niya tayo. Inialay Niya ang buhay Niya para sa atin. Paano natin Siya susuklian ng pagmamahal? *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: "Hindi tayo maaaring magmahal at maging limitado rin." (Alfred Adler)

*Panginoon, salamat at minahal Mo ako nang walang sukat. Bigyan Mo ako ng pagkakataong ibahagi ang pag-ibig Mong ito sa lahat ng makakasalamuha ko ngayong araw na ito.*

***San Sacer, ipanalangin mo kami.***

**4**
HUWEBES
**MARSO**

Jeremias 17:5-10
Salmo 1:1-2, 3, 4, 6
**Lucas 16:19-31**

*"Hindi sila maniniwala kahit pa man may mamatay at mabuhay na muli." – Lucas 16: 31*

## AKO BA? O SILA?

Pagkatapos ng Feast, ang aming pagtitipon tuwing linggo, isang kaibigan ang lumapit sa akin at sabi niya, "Dahil sa iyo, regular na ako sa Feast!" "*Ako?* Ano'ng nagawa ko?" Naisip ko, siguro sobra kong minaltrato ang babaeng ito kaya't wala siyang nagawa kundi sumuko sa Diyos. "Naku, hindi mo na ba naaalala? Minsan, sabi mo sa akin bumait ka dahil sa Feast. Kaya naman nag-desisyon akong dumalo na rin sa Feast," sabi niya. Halos hindi ko siya mapaniwalaan kasi mabibilang ko sa aking 10 daliri ang nayakag kong sumali sa Light of Jesus. Ilang dosena naman ang tumanggi sa akin.

Buong paniniwala kong *ako* ang ayaw ng tao, kaya naman nagsumikap akong magbago. Nguni't ang madalas kong taghoy sa Panginoon, "Lord, wala na akong kapaga-pag-asang maituwid pa ang aking sarili!" Ganito parati ang nasa isip ko hanggang aking napagtanto na kahit si Hesus din ay tinanggihan ng sarili pa Niyang kababayan.

Maraming dahilan kung bakit hindi sumasali ang tao sa mga komunidad. Ngayon, hindi na ako masyadong nababahala kung tinatanggihan ako ng mga taong iniimbita ko na sumali sa aming pagtitipon. Basta nagdarasal na lamang ako sa Diyos na baguhin Niya ako, o sila — o kaming lahat. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Paano ako mas makakaakit ng tao patungo kay Hesus?

*Panginoon, baguhin Mo kami, nang tunay kaming maniwala na Ikaw lamang ang aming kailangan upang lumigaya.*

***Banal na Humbert, ipanalangin mo kami.***

5

BIYERNES

MARSO

**Genesis 37:3-4, 12-13a, 17b-28a**
Salmo 105:16-17, 18-19, 20-21
Mateo 21:33-43, 45-46

*Dinamdam ito ng kanyang mga kapatid at ayaw nilang pakisamahang mabuti si Jose. – Genesis 37:4*

# MAG-INGAT SA PAGSESELOS

Noong mga bata pa kami, tumitira sa amin ang mga pinsan namin tuwing bakasyon. Inaabangan ko 'yon kasi isa lang ang kapatid ko at mas masaya kung maraming kalaro.

Pero minsan, nag-away kami ng isa sa mga pinsan ko. Hindi ko maalala kung bakit pero ang alam ko siya ang mali. Kaya lang, kinampihan siya ng lola ko. Dinamdam ko 'yon dahil sa tuwing may gagawing mali ang mga pinsan ko, parati niya silang pinapanigan. Ang dahilan niya? Sila'y kapus-palad at kinaaawaan niya. Hindi ko matanggap ang dahilan niya kaya galit na galit ako sa mga pinsan ko.

Ang selos ang nagtulak sa mga kapatid ni Jose na mamuhi sa kanya hanggang sa punto na gusto nila siyang patayin. Ang espesyal na pabor na ibinigay ng ama nila kay Jose ang dahilan ng kanilang selos. Ang selos ay maaaring humantong sa malalang kasalanan at bulagin tayo sa paggawa ng tama. Kailangan nating laging bantayan ang ating mga negatibong emosyon at huwag hayaang pagharian tayo nito. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: Suriin mo ang puso mo. Kinukwenta mo ba kung anong meron ang iba?

*Panginoong Hesus, linisin Mo ang puso ko. Tanggalin Mo ang hindi nakasisiya sa Iyo.*

***San Piran, ipanalangin mo kami.***

**6**
SABADO
**MARSO**

Mikas 7:14-15, 18-20
Salmo 103:1-2, 3-4, 9-10, 11-12
**Lucas 15:1-3, 11-32**

*"Malayo pa'y natanaw na siya ng kanyang ama, at dahil sa matinding awa ay patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinalikan." – Lucas 15:20*

## AMA NAMIN

Mahigpit magdisiplina ang ama ko. Pinaalalahanan niya kami — paminsan-minsan sa mahinahong paraan, pero kadalasan mabagsik — kapag gabing-gabi na kami nakakauwi. Minsan, nagagalit siya kapag mababa ang grado namin sa pag-aaral pero ito ang nagtulak sa akin na pagbutihin ang pag-aaral ko. Sa kanya ako natutong maging masipag at kinailangan kong magtrabaho habang nag-aaral para makatulong sa mga gastusin ng aming malaking pamilya.

Siya rin ay tore ng moral na kawastuan, na ipinamana niya sa amin sa pamamagitan ng mga sermon niya na paminsan-minsa'y nakabababa ng pagkatao. Kapag pinagninilayan ko ang mga panahong dinamdam ko ang mga salita niya, napapaiyak ako dahil tinanggihan ko ang mga sermon niyang maganda naman ang intensyon. Kapag nagbabalik-tanaw ako, ang mga magagandang katangian na ipinamana niya sa akin ang nagbigay sa akin ng tagumpay at integridad.

Si Daddy ang aking larawan ng Diyos Ama. Ang mga Salita Niya sa Banal na Kasulatan ay matatalas na pananalita minsan, nguni't puno ito ng karunungan. Maaaring makasakit ito sa atin pero mapagkukunan ito ng magagandang aral. Siya ay Diyos ng disiplina nguni't Siya rin ang ating mapagmahal na Abba. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: "Tiisin ninyo ang lahat ng hirap bilang pagtutuwid ng isang ama, dahil ito'y nagpapakilalang kayo'y tinatanggap ng Diyos bilang tunay niyang mga anak. Sinong anak ang hindi dinidisiplina ng kanyang ama?" – Hebreo 12:7

*Abba, Ama, salamat po sa pagdidisiplina Mo sa aming mga anak Mo.*

***San Baldred, ipanalangin mo kami.***

**7**
LINGGO
**MARSO**

Exodo 3:1-8a, 13-15
Salmo 103:1-2, 3-4, 6-7, 8, 11 (8a)
1 Mga Taga Corinto 10:1-6, 10-12
**Lucas 13:1-9**

*"Baka sakaling mamunga na sa susunod na taon."*
*– Lucas 13:9*

# MGA TAGAPAGPALAKAS NG LOOB

Nasa kritikal na panahon ako ng buhay ko nang sinabi sa akin ng isa sa mga mentor ko, si Mike Wilson, "Ariel, may tiwala ako sa iyo hindi dahil sa katayuan mo kundi dahil sa katauhan mo." Buong-buo ang araw ko noon!

Nakakatuwa ang mga nagpapalakas ng loob natin, 'di ba? Para silang malinis na simoy ng hanging kapag malapit ka nang mag-*hyperventilate*, isang baso ng malamig na tubig sa tag-araw, isang masarap na *tapsilog* sa pananghalian, isang baso ng *halo-halo* sa isang mainit at nakakatamad na hapon... Nakukuha niyo na siguro ang ibig kong sabihin.

Sa Ebanghelyo ngayon, nakita ng hardinero ang posibilidad na mamunga ang isang halamang tatlong taon nang tigang. Nang sumuko na ang may-ari, nagmakaawa ang hardinero sa kanya at naglatag pa ng plano kung paano niya bubuhayin ang halaman.

Sa araw na ito, alalahanin natin at ipagdasal ang mga nagpalakas ng loob natin at tumulong sa ating makabangon sa mga panahon ng pagsubok. Bilang karagdagan, dapat nating ibalik sa kanila ang pabor sa pamamagitan din ng pagpapalakas ng kanilang loob at pagiging tunay na kaibigan nila. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Pinalalakas ko ba ang loob ng ibang tao?

*Panginoong Hesus, salamat para sa mga taong kinasangkapan Mo para humipo, tumulong at magpalakas ng loob namin. Ipagkaloob Mo sa kanila ang pinakamabubuti Mong biyaya!*

***San Ardo, ipanalangin mo kami.***

**8**
LUNES
**MARSO**

2 Mga Hari 5:1-15b
Salmo 42:2, 3; 43:3, 4
**Lucas 4:24-30**

*"Tandaan ninyo, walang propetang kinikilala sa kanyang sariling bayan." – Lucas 4:24*

## ESTRANGHERO

Sa isang pagtitipon ng komunidad, nakipagkantahan sa popular na banda ang isang grupo ng mga binata at nakatanggap sila ng masigabong palakpakan. Sabi ng isang ina sa anak na tumutugtog ng dram, "Hindi ko alam na magaling ka palang tumugtog n'yan," at sumagot ang anak, "Hindi mo alam 'yon, Ma, kasi hindi mo naman gusto ang musika ko kasi sabi mo ingay lang 'yon."

Hindi ba't pakiramdam nati'y nabigo tayo kapag sinusubukan nating ibahagi ang Mabuting Balita sa sarili nating pamilya't mga minamahal sa buhay pagkatapos ay hindi naman sila nakikinig, o paminsan-minsa'y pinupulaan pa tayo? Pero huwag kang mawawalan ng pag-asa, huwag kang susuko sa paggawa ng kabutihan para sa kanila. Manalig kang kumikilos ang Diyos kahit na sa tingin natin ay walang nangyayari. Balang-araw, sa takdang panahon ng Diyos, mararanasan ng mga mahal natin sa buhay ang pag-ibig at kabutihan ng Diyos at siguradong sa panahong iyon, maaalala nila ang mga ginawa natin para sa kanila at mas pahahalagahan nila tayo. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Hanggang saan pa ang kaya nating ibigay para ibahagi si Hesus sa ating mga minamahal sa buhay?

*Bigyan Mo po kami ng tapang at tiwala sa sarili nang maibahagi Ka namin sa aming mga minamahal, sa ngalan ni Kristo , aming Panginoon. Amen.*

***San Senan, ipanalangin mo kami.***

9

MARTES

MARSO

Daniel 3:25, 34-43
Salmo 25:4-5ab, 6, 7bc, 8, 9
**Mateo 18:21-35**

*"Gayundin ang gagawin sa inyo ng aking Ama na nasa langit kung hindi ninyo patatawarin nang buong puso ang inyong mga kapatid." – Mateo 18:35*

# KAILANGANG MAGPATAWAD

Nagbigay si Hesus ng turo ukol sa pagpapatawad. Kapag patuloy tayong hindi nagpapatawad ng ating kapwa mula sa puso, hindi rin tayo papatawarin ng ating Ama sa Langit sa ating mga kasalanan. Malinaw na sinasabi sa "Ama Namin": "Patawarin mo kami sa aming mga sala para nang pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin." Ang hindi pagpapatawad ay isang malaking hadlang sa paglago ng ating ispiritwal na buhay. Kung tayo lamang ay magpapakumbaba, makikita natin na tayo mismo ang nakakulong kapag hindi tayo nagpapatawad.

Nang si Hesus ay malapit nang mamatay sa krus, nanalangin Siya, "Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa." Pinili pa rin ni Hesus na magpatawad.

Naranasan na ba natin ang uri ng hirap na dinanas ni Hesus? Ang magpatawad ay isang desisyon. Hindi ito base sa ating nararamdaman. Nagpapasiya tayong magpatawad dahil ito ang utos ng Diyos. Kung talagang gusto nating maging malaya, magpatawad tayo. *Jess Santos (jesus_santos_07@yahoo.com)*

Pagninilay: Gusto mo bang maging malaya? Sino pa ba ang hindi mo pinapatawad? Patawarin mo na.

*Mahal kong Diyos, tulungan Mo akong mapatawad ko ang lahat ng taong nakasakit sa akin. Inaamin ko na hindi ko kaya mag-isa ito. Kailangan ko ng Iyong grasya at habag. Gusto ko maging malaya, sa ngalan ni Jesus. Amen.*

***San Bosa, ipanalangin mo kami.***

10

MIYERKULES

MARSO

Deuteronomio 4:1, 5-9
Salmo 147:12-13, 15-16, 19-20
**Mateo 5:17-19**

*"Naparito ako, hindi upang pawalang-bisa kundi para ipaliwanag at ganapin ang mga iyon." – Mateo 5:17*

## PASAWAY SA BATAS

May isang estudyante na nahuli ng tatlong minuto sa eskwela sa ikapitong pagkakataon. Nakiusap siya sa opisyal ng *student council (SC)* na nakatalaga sa pasukan ng eskwelahan na huwag iulat ang kanyang pagkahuli. Sa batas ng eskwelahan, bawat estudyante ay maaaring mahuli ng anim na beses bawat *quarter*. Sa ikapitong pagkahuli, maggagawad ang eskwelahan ng isang araw na suspensyon at grado na 75 sa kanyang *conduct*.

Alam ng opisyal ng *SC* ang dahilan. Ang kanyang kaklase ay nag-aalaga ng kanyang lolong may sakit. Nakumpirma niya ito nang dumalaw siya sa bahay ng kaklase niya. Nahirapan siya kung ano kanyang pipiliin — ang iulat ang pagkahuli o pagbigyan ang hiling ng kaklase. Pikit matang pinili niya na pagbigyan ang kaklase. Ngunit nabagabag siya sa ginawa niya. Makalipas ang ilang araw, namatay ang lolo ng kaklase niya.

Binali din ni Hesus ang mga batas. Siya'y kumain kasama ang mababababang uri ng babae, kolektor ng buwis, at mga patapon ng lipunan. Siya'y nakipag-usap sa isang Samaritanong babae sa publiko. Ginamot Niya ang isang lalaking namamanas sa Araw ng Pamamahinga. Sa paglabag sa mga batas, nagawa ni Hesus na magampanan ang pinakamahalagang batas: pag-ibig. Paano naman ikaw? Nilabag mo rin ba ang batas? *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: Ligalista ka ba sa pagsunod sa mga batas o alituntunin?

*Tulungan Mo ako, Panginoon, na magmahal ng tulad Mo. Lahat nawa ng aking mga gawa ay dahil sa pag-ibig.*

***San Anastasia, the Patrician, ipanalangin mo kami.***

11
HUWEBES
MARSO

Jeremias 7:23-28
Salmo 95:1-2, 6-7, 8-9
**Lucas 11:14-23**

*"...at nagkakalat ang hindi tumutulong sa aking mag-ipon." – Lucas 11:23*

## NAG-IISA SA NEW YORK

Lungkot na lungkot ako nung ako'y pauwi mula sa America. Sa 29 taon, ito ang pinakaunang pagkakataon na ako'y mahiwalay sa aming kaisa-isang anak na lalaki, si Peevee. Naiwan siya sa New York upang mag-aral sa Fordham University.

Minabuti namin ni Raul, ang aking asawa, na hindi kami sabay umuwi upang hindi bigla ang aming hiwalayan. Subalit noong hinatid na ako ni Peevee sa kotse at umalis na ako papunta sa paliparan, tila nagpira-piraso ang puso ko.

Naalaala ko ang sinabi niya sa akin sa Misa na tinanghal sa kanilang unibersidad sa pagbukas ng pasukan. Pabulong niyang sinabi, "Mom, nakakasiguro ako na tama ang eskuwelahang aking napili para sa aking MBA." Tinanong ko kung bakit niya nasabi yun at ang kanyang sagot ay, "Kahit na ang New York ay sinasabi nilang sentro ng sanlibutan, dito sa Fordham ang Diyos pa rin ang nangunguna sa lahat."

Tuwing ako'y nalulungkot at nadarama ko ang kabiguan, inaalala ko ang sinabi niya sa akin sa Misang iyon. At doon ko nadarama ang malalim na kapayapaan sa aking puso. *Mari Sison-Garcia (mari_sison_garcia@yahoo.com)*

Pagninilay: "Ngunit ang totoo, sa lahat ng oras, iniingatan mo at inililigtas; sa aki'y tagumpay ang iginagawad; mahina kong loob at pinalalakas" (Awit 3:3)

*Mahal na Panginoon, Ikaw ang pinanggagalingan ng aking lakas sa lahat ng oras.*

***Sta. Teresa Margaret Redi, ipanalangin mo kami.***

**12**
BIYERNES
**MARSO**

Oseas 14:2-10
Salmo 81:6c-8a, 8bc-9, 10-11ab, 14, 17
**Marcos 12:28-34**

*Ito naman ang pangalawa, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.' Wala nang ibang utos na hihigit pa sa mga ito." – Marcos 12:31*

# PAGTULONG SA DI NATIN KILALA

Boog! May narinig akong malakas na kalabog at napansin kong kumadyot ang sasakyang katabi ko sa daan. Nakita ko rin kung gaanong nabigla ang babaeng nagmamaneho nang banggain siya ng isang taksi!

Naging berde na ang ilaw trapiko kaya't sinabi ko sa asawa ko na siya na muna ang magmaneho at pumarada muna siya sa isang tabi habang tinutulungan ko ang babae. Nang napansin kong hindi nakatrangka ang kanang pinto sa harapan ng taksi, binuksan ko ito para kausapin ang tsuper. Walang reaksyon ang tsuper sa akin at sa naganap at tila bangag siya. Noon ako nagpasyang tumawag ng pulis para asikasuhin ang sitwasyon. Buti naman at may nakita akong pulis ilang metro lang ang layo sa kinaroroonan namin.

Nang sinimulang tanungin ng pulis ang tsuper, kinumusta ko ang babae at tinanong ko kung kailangan niya ng iba pang tulong. Nagpasalamat lang siya sa akin at sinabing kaya na niya ang sitwasyon.

Ang pagtulong sa kaibigan ay nagbibigay lagi sa atin ng kagalakan. Pero ang pagtulong sa di natin kilala ay naghahatid ng tone-toneladang kaligayahan. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: Ano man ang uri ng sitwasyon mo ngayon, maglaan ka ng oras para gumawa ng kabutihan sa iba.

*Panginoon, nawa'y Makita Kita sa mga taong makakasalamuha ko sa araw na ito na nangangailangan ng tulong.*

***San Alphege, ipanalangin mo kami.***

13

SABADO

MARSO

Oseas 6:1-6
Salmo 51:3-4, 18-19, 20-21ab
**Lucas 18:9-14**

*Sapagka't ang lahat na nagyayabang ay mapapahiya…*
*– Lucas 9:14*

# ANG MAS MABUTING MIYEMBRO

Ang mga *prayer meetings*, *seminars* at iba pang mga pagtitipon ng aming komunidad ay madalas na ginaganap sa Quezon City. Dahil doon din kami nakatira, kaming mag-asawa ay laging nakakadalo sa mga pagtitipon na ito. Naisip ko, bilib siguro ang Panginoon sa aming panindigan. Minsan, nagtataka rin ako kung bakit ang iba ay hindi gaya namin.

Isang beses, itinakda ang aming Caring Group Heads Conference sa Alabang. *Alabang!* Naku, mga 30 kilometro ang layo ng lugar na ito mula sa aming tirahan. *Ang layo,* reklamo naming mag-asawa. Lalo pa kaming nagreklamo nang nagkandasabit-sabit kami sa trapik papunta sa lugar na pagdarausan ng komperensiya.

Doon ko lang napagtanto: marami kaming mga miyembro na taga-Alabang—at mula sa Rizal at Bulacan din—na nakakarating sa Quezon City kapag kami ay may pagtitipon. Gumagastos sila sa pamasahe o gas, nagdurusa sila sa trapiko, at lakas-loob na tinatahak ang lansangan kung masyadong gabi na kami natatapos.

Aba, buong akala ko pa naman na kami ang higit na magaling na kasapi ng aming komunidad! Iyan din ang maling akala ng Pariseyo sa Ebanghelyo ngayon nang isipin niyang mas mabuti siya kaysa sa maniningil ng buwis. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Gaano katibay ang panindigan mo kay Hesus?

*Hesus, sana ang maipagmamalaki ko lang ay tunay na pagmamahal sa Iyo.*

***Banal na Agnello ng Pisa, ipanalangin mo kami.***

# 14

LINGGO

**MARSO**

Josue 5:9a, 10-12
Salmo 34:2-3, 4-5, 6-7 (9a)
**2 Mga Taga Corinto 5:17-21**
Lucas 15:1-3, 11-32

*Kaya't kung nakipag-isa na kay Kristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao... – 2 Mga Taga Corinto 5:17*

## GANAP NA PAGMAMAYABANG

Nang nagpunta kami sa Canadian Rocky Mountains, nagbiyahe kami sa tren at napag-alaman namin ang tungkol sa taong responsable sa pagpapagawa ng Canadian *transcontinental railway*.

Isang makapangyarihan nguni't tusong manedyer sa konstruksyon si William Van Horne. Siya ang may hawak ng rekord sa pagtatayo ng 670 kilometrong riles sa loob ng sampung buwan lamang sa napakamapanganib na pook. Pero sa proseso nito, may isang Tsinong manggagawa ang namatay sa bawat kilometrong nalatagan.

Naalala ko nang nagtrabaho ako sa isang kompanya na naisulong ko sa tagumpay sa larangan ng lawak ng benta at tubo. Hindi ko pinahalagahan ang ugnayan ko sa mga nasasailalim sa akin basta't nakukuha ko ang mga resultang ninais kong makita.

Hinamak ako nang ang mga kompanyang tulad nito ay nalugi sa kasagsagan ng pinansiyal na krisis noon sa Asya. Doon ipinaalam sa akin ng Diyos na ang mga pamamaraan ko sa pagiging ganap na manedyer ay hindi alinsunod sa pamamaraan Niya.

Ang karanasang iyon ay naghatid sa akin ng pagbabago sa pamamaraan ko ng pamumuno sa mga kompanya at mga tao. Natanto ko na ang Diyos ay Diyos na mahabagin. Hindi Siya madaling magalit at Siya'y mapagmahal at maawain. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: May kasabihan na ang resulta ay nagbibigay-matwid sa kaparaanan. Tinatanggap mo ba ito kahit na mapapahamak ang ibang tao?

*Ituro Mo po sa akin ang Iyong mga pamamaraan, Panginoon.*

***Banal na Ambrose Fernandez, ipanalangin mo kami.***

**15**
LUNES
**MARSO**

Isaias 65:17-21
Salmo 30:2, 4, 5-6, 11-12a, 13b
**Juan 4:43-54**

*Naniwala ang lalaki sa salita ni Hesus, at umuwi nga siya. – Juan 4:50*

## PAANO LUMALAGO ANG PANANAMPALATAYA

Minsan may isang buto. Sabi ng Diyos sa kanya: Ikaw ay mukhang maliit at walang halaga pero pagdating ng panahon, ika'y magiging malaking halaman. Pero kailangan mong gampanan ang ilang kundisyon bago ito matupad. Kailangang mong hayaan na ika'y ibaon sa lupa at maulanan, mahanginan at masikatan ng araw." Hindi masaya ang buto sa narinig niya dahil ayaw niyang madumihan, mabasa at mainitan ng sinag ng araw. Hindi sumunod ang buto sa Diyos. Pinagtaguan niya ang mga kamay ng tao. Naghintay siya. Dumaan ang mga buwan, taon at dekada pero walang nangyari. Siya'y nanatiling isang buto.

Sa Mabuting Balita, nasaksihan natin kung paano lumago ang pananampalataya ng opisyal. Una, naniwala siya na kayang pagalingin ni Hesus ang anak niya. Pangalawa, naniwala siya na gagawin ni Hesus ang sinabi Niya. Pangatlo, siya at ang buo niyang pamilya ay naniwala kay Hesus. Ang pananampalataya ay kailangang gamitin para ito lumago. Hindi sapat na maniwala lang tayo na kaya tayong tulungan ni Hesus sa ating mga problema. Kailangan nating ipakita 'yon sa ating gawa. Kumusta ang pananampalataya mo? Namumuhay ka ba na may paniniwalang kaya ni Hesus gawin ang sinasabi Niya? *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: "Tayo'y may pananalig kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin, at naniniwala sa mga bagay na di natin nakikita." (Hebreo 11:1)

*Panginoong Hesus, dagdagan Mo ang aking pananampalataya.*

***San Nicander, ipanalangin mo kami.***

16

MARTES

MARSO

Ezekiel 47:1-9, 12
Salmo 46:2-3, 5-6, 8-9
**Juan 5:1-16**

*"Gusto mo bang gumaling?" – Juan 5:6*

# KAPAG PANAHON NA NG PAGBABAGO

Maraming taon nang pumupunta sa iisang lugar ang lumpong mama na ito at may ginagawang iisang bagay bawat araw sa lugar na iyon. Isang araw, may nag-alok sa kanya ng tulong na ipaopera siya para makalakad siyang muli at makahanap ng disenteng trabaho di tulad ng pamamalimos. Pero tumanggi ang mamang ito sa alok.

Ibinigay na sa atin ng Diyos ang lahat ng kailangan natin para paunlarin ang buhay natin. Pero kailangan din nating trabahuhin ito. Hindi natin maaaring asahang may magagandang bagay na mangyayari sa atin kung hindi tayo kikilos. Kung nasa masamang sitwasyon ka ngayon, tanungin mo ang sarili mo kung dahil ba iyan sa hindi mo pagkilos.

Walang maidudulot sa iyo ang pagrereklamo, pagseselos at pagpupula sa iba. Huwag nating sisihin ang iba tungkol sa mga masasamang kaganapan sa buhay natin.

Isang bagay kung sasabihin nating gusto nating baguhin ang sitwasyon; pero ibang bagay ang pagkilos para baguhin ang sitwasyong iyon. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Kung matagal nang ganyan ang sitwasyon mo at walang nagbabago, baka kailangan mong tumigil muna sa ginagawa mo at gumawa ng ibang bagay.

*O Ama, patnubayan Mo po ako sa mga pamamaraan ko at ituro Mo po ako sa kung saan ako dapat naroroon. Nawa'y magkaroon ako ng tapang na gawin ang nararapat gawin at baguhin ang mga dapat baguhin. Amen.*

***Sta. Hilary, ipanalangin mo kami.***

**17**

MIYERKULES

**MARSO**

Isaias 49:8-15
Salmo 145:8-9, 13cd-14, 17-18
**Juan 5:17-30**

*"... ang nakikita niyang ginagawa ng Ama ang siya lamang niyang ginagawa. Ang ginagawa ng Ama ay siya ring ginagawa ng Anak." – 1 Juan 5:19*

# TULAD NI MAMA

Nang walong taong gulang ang anak kong si Mac, marami siyang mga pangarap. Paiba-iba ang mga propesyong sinasabi niya tuwing tinatanong ko siya kung ano ang gusto niya maging paglaki niya.

Kaya isang araw sinabi ko sa kanya, "Bakit hindi mo isulat ang lahat ng trabahong gusto mo para puwede natin silang balik-balikan? Tapos, kapag nagbago ang isip mo sa ilan sa kanila, puwede na nating alisin sa listahan." Gumawa siya ng listahan kinabukasan. Ang ikinagulat ko ay hindi ang bilang ng okupasyong inilista niya kundi ang pinakahuling isinulat niya sa listahan.

- Madre
- Guro
- *Stewardess*
- Aktres
- Bangkero
- *Chef*
- Manedyer ng Restawran
- Nars
- Negosyante
- Maging tulad ni Mama

Lahat tayo'y nilikha sa larawan at wangis ng Diyos. Lagi nating ipanalangin na magkaroon tayo ng pagnanais na maging tulad ng ating Tagapaglikha at Ama sa langit. *Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: "Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan." (Genesis 1:27)

*Panginoon, gawin at hubugin Mo po akong maging tulad Ninyo.*

***Sta. Gertrudes ng Nivelle, ipanalangin mo kami.***

**18**
HUWEBES
**MARSO**

Exodo 32:7-14
Salmo 106:19-20, 21-22, 23
**Juan 5:31-47**

*"Hindi ka naniniwala sa sugo Niya…" – Juan 5:38*

## NO ID, NO ENTRY

"Ma'm, hindi ko po na-interbyu ang manedyer," sabi ng isang manunulat sa magasin kung saan ako ang editor, kung bakit hindi pa niya ibinibigay ang artikulo niya. "Sabi po ng sekretarya ay sobrang *busy* daw ang boss niya," kanyang idinagdag. Kaya tinawagan ko ang manedyer at agad naman niya ako binigyan ng araw at oras para sa panayam. Nung isang beses naman, isang potograpo namin ang nagsabi na hindi siya pinayagang kumuha ng litrato ng isang taong sikat na dapat niyang kunan. Tinawagan ko ang manedyer ng artistang ito at agad namang nabigyan ako ng oras para makunan siya.

Madalas mangyari ito. Kinakailangan pang ako mismo ang kumausap sa mga kinaukulan upang magawa ng mga tauhan ko ang kanilang trabaho. Minsan naman, ako mismo ay hindi pinapasok sa isang gusali kung saan may kaganapan na kailangan kong daluhan. Medyo inis kong tinanong ang guwardya, "Bakit?" Walang kakurap-kurap na sagot niya, *"Sorry, no ID, no entry."*

Ay naku, ang tao, hindi ka paniniwalaan kung hindi ka kakilala o pinangangatawanan ng isang mas nakatataas pa sa iyo. Ganito rin nung panahon ni Hesus. Hindi rin Siya pinaniniwalaan ng iba kahit sinabi na Niya na Siya ay sugo ng Ama. Nakakalungkot na hanggang ngayon, marami pa ring hindi naniniwala sa Kanya.

*Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Si Hesus ang sugo ng ating Ama sa langit. Maniwala tayo!

*Panginoon, ilapit Mo pa ako sa Iyo.*

***San Eduardo, Martir, ipanalangin mo kami.***

**19**
BIYERNES
**MARSO**

2 Samuel 7:4-5a, 12-14a, 16
Salmo 89:2-3, 4-5, 27, 29
Mga Taga Roma 4:13, 16-18, 22
**Mateo 1:16, 18-21, 24a (o Lucas 2:41-51a)**

*Solemnidad ni Jose, Asawa ni Maria*

*Dahil isang taong matuwid si Jose na kanyang mapapangasawa, at ayaw nitong malagay sa lubos na kahihiyan si Maria... – Mateo 1:19*

# ISANG TUNAY NA MAGINOO

Kami ng misis ko ay palakaibigan at mahilig makisalamuha. Dahil sa katangian naming ito, nakapag-uugnay kami sa mga tao at mabilis kaming nakakikilala ng mga bagong kaibigan. Minsan, may mag-asawang naging malapit na sa amin. Nagbiyahe kami sa iba't-ibang lugar kasama nila, nagsalu-salo kami sa pagkain, nagkasiyahan nang magkakasama at iba pa.

Isang araw, napag-alaman namin na sa likod namin ay ininsulto nila kami nang labis. Natural, pakiramdam nami'y pinagtaksilan kami at ninais naming gantihan sila.

Ganoon din siguro ang naramdaman ni Jose o baka mas matindi pa ang galit niya kaysa sa amin. Isipin mo, ang mapapangasawa niyang si Maria ay nagdadalang-tao — at hindi siya ang ama!

Nagkaiba lang kami sa pagtugon.

Gusto kong baliin ang leeg ng nang-insulto sa amin pero si Jose ay naging isang tunay na maginoo — isang matuwid na tao. Nakapasa siya sa pagsubok at naging isang napakabuting ama sa ating Panginoon. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Tumutugon ba ako tulad ng isang tunay na maginoo, isang tunay na Kristiyano, kapag may nang-iinsulto sa akin?

*Panginoong Hesus, dalangin kong maging isang tunay na maginoo at tunay na Kristiyano sa lahat ng oras, lalo na kapag ako'y naiinsulto. Amen.*

***San Juan na Taga-Syria, ipanalangin mo kami.***

20

SABADO

MARSO

Jeremias 11:18-20
Salmo 7:2-3, 9bc-10, 11-12
**Juan 7:40-53**

*Magkakaiba ang palagay ng mga tao tungkol sa kanya.*
*– Juan 7:43*

# ANG MATEMATIKA NG LANGIT

Isang dibisyon ang naganap sa buhay ko noong *teenager* ako. Nang nakilala ko ang Panginoon sa edad na 14, tinalikuran ko ang mga dati kong kaibigan at nakipagkaibigan ako sa mga taong tumulong sa akin na makilala't mahalin nang higit pa ang Panginoon.

Isang dibisyon ang naganap sa buhay ko nung ako'y 24 taong gulang. Iniwan ko ang pamilya ko para tumira sa isang komunidad kung saan ako naglingkod nang lubos sa Panginoon.

Isang dibisyon ang naganap sa buhay ko nang dumating ako sa edad 34. Lumabas ako sa komunidad kung saan ako lumaki at sumali ako sa panibagong komunidad kung saan ako maaaring magyabong pa sa pananampalataya't pagkatao.

Sa bawat panahong may dibisyong naganap, may mga luha akong iniiyak at may mga nababawas sa akin: Mga kaibigan, pamilya, komunidad. Pero sa bawat dibisyon ay may mga adisyon at multiplikasyon din. Mga bagong kaibigan. Bagong pamilya. Bagong komunidad. At multiplikasyon ng pag-ibig, karunungan at biyaya.

Kaya, natutunan kong huwag matakot sa matematika ng langit. Dahil kung saan gumagawa ng dibisyon at pagbabawas ang Diyos, pinararami Niya ito't dinadagdagan pa nang labis. *Rissa Singson-Kawpeng (justbreatherissa@gmail.com)*

Pagninilay: Paminsan-minsan, kinukuha ng Diyos ang lahat ng tangan natin nang makatanggap tayo ng mas marami pang biyaya.

*Panginoon, naniniwala akong may mabuting layunin kung bakit ako'y tinatabas Mo. Isinusuko ko ang aking sarili sa plano Mo para sa buhay ko.*

***San Alexandra at mga Kasama, ipanalangin ninyo kami.***

**21**
LINGGO
**MARSO**

Isaias 43:16-21
Salmo 126:1-2, 2-3, 4-5, 6 (3)
**Mga Taga Filipos 3:8-14**
Juan 8:1-11

*Nagpapatuloy nga ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos... – Mga Taga-Filipos 3:14*

# PERSONAL NA MISYON

Nang sumakay kami sa balsa, napansin naming may kakaiba sa nagsasagwan nito. Inamin niyang hindi siya nakapag-aral, ngunit tila may pinag-aralan ang tono ng pananalita niya nang sinabi niya na, sa murang edad, inampon siya ng isang babaeng Iraqi Indian kahit na siya ay "puti." Nakatira sila sa *teepee*. Pagkatapos ay ibinahagi niya sa amin ang misyon niya sa buhay: ang pangalagaan ang Inang Kalikasan at ang mga katutubong kultura sa mundo. Para sa isang tila "mababang" mamamangka, matayog ang misyon niya. Idinagdag pa niya na tuwing patay na panahon sa turismo, pumupunta siya sa Tibet at India para pagsikapang tuparin ang layunin niya.

Pakiramdam ko noon ako'y hamak kumpara sa mga pangarap niya. Akala ko na sa pagbibigay ng mga *Bible study* at paglilingkod sa simbahan ay sapat na ang ginagawa ko. Inaamin ko na mas magaling pa ako sa paghawak ng pera ng kompanya kung saan may mga partikular na layunin kami kaysa sa paggawa ng mga espirituwal na layunin para sa sarili kong buhay. Dapat din akong magkaroon ng partikular na mga layunin nang hindi ako manatiling mababaw sa mga mata ng Diyos. Kailangan kong itakda ang mga espirituwal na layunin ko sa lebel — o mas mataas pa — ng iba ko pang mga hangarin sa buhay. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Saan nakapokus ang paningin mo? Sa krus? O sa mundo?

*O Panginoon, ituon mo ako sa espirituwal na hantungan nang mapagtagumpayan ko ang* marathon *ng buhay.*

***San Serapion the Scholastic, ipanalangin mo kami.***

22

LUNES

**MARSO**

Daniel 13:1-9, 15-17, 19-30, 33-62
(o Daniel 13:41c-62)
Salmo 23:1-3a, 3b-4, 5, 6
**Juan 8:12-20**

*"Humahatol kayo ayon sa mga pamantayan ng tao, ngunit hindi ako humahatol kaninuman." – Juan 8:15*

## MALING HATOL

Nang umakyat sa entablado ang 47-taong-gulang na matandang dalagang taga-Scotland na si Susan Boyle sa programang *Britain's Got Talent*, maraming nagduda sa kakayahan niya. Pinagtawanan pa siya ng ilan. Sino bang hindi matatawa? Napakaordinaryo ng itsura niya at hindi siya "*star material*."

Pero nagbago ang lahat nang kumanta siya. Nagulat ang mga manonood at nabighani sila sa tinig niya. Ang iba ay napaluha pa. Sumikat bigla si Susan Boyle.

Kahiya-hiya kung paano natin hinuhusgahan ang isa't-isa. Gumagawa tayo ng sarili nating mga pamantayan kung ano ang katanggap-tanggap at kung ano ang kahulugan ng magaling at ng hindi magaling. Hindi ito kalugod-lugod sa mata ng Diyos.

Mga anak tayo ng Diyos at dahil dito, dapat nating tanggapin ang kahit sino bilang kung sino sila at mahalin sila sa kabila ng kanilang anyo o katayuan sa buhay. Dapat nating makita ang mukha ni Kristo sa lahat ng tao. Kapag natutunan nating gawin ito, magsisimula tayong magmahal gaya ng pagmamahal ng Diyos sa atin. *Jane Gonzales (mjsg2468@yahoo.com)*

Pagninilay: Hindi natin binibigyan ng hustisya ang kapwa natin kapag hinuhusgahan natin sila. Hindi rin natin gugustuhing mahusgahan tayo ng iba.

*Panginoon, patawarin Mo po ako kapag nanghuhusga ako ng kapwa. Tulungan Mo akong tanggapin ang kapwa ko nang buong-buo at makita sila kung paano Mo sila nakikita — sa mga mata ng Iyong walang sukat na pag-ibig. Amen.*

***San Nicolas Owen, ipanalangin mo kami.***

23

MARTES

MARSO

Mga Bilang 21:4-9
Salmo 102:2-3, 16-18, 19-21
**Juan 8:21-30**

*"Ngunit hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko." – Juan 8:21*

# KUNG ANO ANG KAYA MO

Mahilig maglaro ng Lego ang anak naming si Jac. Ito ang mga laruang bloke na pinagdurugtong para makagawa ka ng bahay o kotse at kung anu-ano pa. Kailangan ng kulang-kulang sa dalawampung pirasong bloke ang paggawa ng isang simpleng kotse, pero sa mga komplikadong bagay, gaya ng isang kastilyo na maraming tore, kailangan ng mga isang daang piraso.

Isa sa mga rason kung bakit gusto niya ang Lego ay dahil hindi ko nakalilimutang hilingin sa kanya na gumawa siya ng mga simpleng bagay muna habang ako naman ang gumagawa ng mga mas komplikadong pigura. Kapag nakikita kong pamilyar na siya sa paggawa ng kotse, ipinagagagawa ko naman sa kanya ang mas mahirap na bagay.

Naniniwala ako na itong konseptong ito rin ang ginagamit ng Diyos sa pakikitungo sa atin. Pinahihintulutan Niya ang mga pagsubok sa buhay natin kapag sigurado Siyang makakayanan natin ito. Pinahihintulutan din Niya tayong pagdaanan ang mga pagsubok dahil alam Niyang may matututunan tayo sa mga ito.

*Alvin Fabella (alvinfabella@yahoo.com)*

Pagninilay: "Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon." –1 Mga Taga-Corinto 10:13

*Iniaalay ko sa Iyo ang mga pagsubok na hinaharap ko ngayon dahil alam kong labis pa sa sapat ang pag-ibig Mo para kayanin ko ang mga ito.*

***Sta. Fidelis, ipanalangin mo kami.***

**24**
MIYERKULES
**MARSO**

Daniel 3:14-20, 91-92, 95
Daniel 3:52, 53, 54, 55, 56
**Juan 8:31-42**

*"Kung sinusunod mo ang aking mga aral, ikaw nga ay tunay kong disipulo." – Juan 8:31*

# PATUNAYAN MO

Utos ng boss ko na pagandahin ang aming magasin para bumenta ang produkto namin. Kaya lagi kong inaantabayanan ang mga balita, iniisa-isa ang mga survey, dumadalo sa mga *press conference* at *media forum* at inaalam ko kung totoo ang mga tsismis para lang makaamoy ako ng sariwang kwento.

Halimbawa, noong mga huling buwan ng 2000, natunugan ko na si Bise Presidente Gloria Macapagal Arroyo ang magiging sunod na pangulo ng Pilipinas. Siyempre gusto kong maunahan ang aming mga kakumpetensyang magasin na ilagay sa harap ang larawan ni Ginang Arroyo. Ang problema, paano namin siya mapapaupo para makunan ng litrato? Hindi namin nagawa ito pero nakunan pa rin namin siya. Paano? Inalam namin kung saan siya nakatakdang magtatalumpati at humingi kami ng pahintulot sa kanyang mga alalay na kunan siya pagkatapos. Inagahan namin ang punta sa restawran at inayos ang aming mga kamera at ilaw doon. Nang palabas na si Ginang Arroyo, ginabayan siya ng kanyang mga alalay patungo mismo sa harap ng aming mga kamera!

Marami pa akong pagsisikap upang mapatunayan ko lang sa boss ko na magaling akong mamahayag. Ngayon, sa aspeto naman ng pagiging mahusay na disipulo ni Jesus, e, marami pa akong dapat gawin. *Cynthia Santiago (boses2go@yahoo.com)*

Pagninilay: Paano mo mapapatunayan na tunay ka ngang disipulo ni Jesus?

*Panginoon, gawin Mo akong tunay na tunay na disipulo Mo.*

***San Latinus, ipanalangin mo kami.***

25

HUWEBES

MARSO

Isaias 7:10-14; 8:10
Salmo 40:7-8a, 8b-9, 10, 11
Hebreo 10:4-10
**Lucas 1:26-38**

*Kapistahan ng Anunsasyon ng Panginoon*

*"Mangyari sa akin ang iyong sinabi." – Lucas 1:38*

# MAS ALAM NG DIYOS

Isang dilag ang nag-aral ng narsing para maabot ang pangarap na makapang-ibang bansa. Pero parati naman siyang bumabagsak sa *board exams*. Dahil hindi siya pwedeng magtrabaho bilang nars, namasukan siya sa bilang istuwardes.

Mahigit sampung taon siya sa trabahong ito at ngayon ay nakabase na sa Europa. Ang pangarap niyang mangibang bansa ay natupad pero hindi ayon sa plinano niya.

Naniniwala ako na si Maria ay may pangarap din: maging isang mapagmahal na asawa at ina. Tinupad ng Diyos ang pangarap niya pero may kaibahan. Siya ay naging ina ng Diyos. Pumayag si Maria sa gusto ng Diyos kahit hindi niya alam kung ano ang kahihinatnan nito. Sumuko siya sa kalooban ng Diyos at dahil dito, dumating ang kaligtasan sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesus.

Lahat tayo'y may mga plano at pangarap. Pero may pagkakataon na ang mga bagay ay hindi naaayon sa kagustuhan natin at ang ating buhay ay umiiba ng direksyon. Kailangan lang nating magtiwala sa Diyos at payagan Siyang gabayan ang ating daan. Dahil mas alam niya ang pinakamabuti. *Judith Concepcion (svp_jmc@yahoo.com)*

Pagninilay: "Ang isang tao ay maraming iniisip, maraming binabalak ngunit ang kalooban din ni Yahweh ang mananaig sa wakas." (Kawikaan 19:21)

*Panginoong Diyos, Ikaw na ang magpatakbo ng buhay ko. Isinusuko ko ang lahat sa Iyong pangangalaga – mga plano… mga pangarap… at kinabukasan ko.*

***San Harold, ipanalangin mo kami.***

**26**
BIYERNES
**MARSO**

**Jeremias 20:10-13**
Salmo 18:2-3a, 3bc-4, 5-6, 7
Juan 10:31-42

*“Pati matatalik kong kaibiga’y naghahangad ng aking kapahamakan.” – Jeremias 20:10b*

# IWASANG MATAPILOK

Umiika ang pari sa Misa noong Linggo habang paakyat siya sa altar at kinailangan niyang maupo nang nagbigay siya ng homilya. Ipinaliwanag niya na natapilok siya pababa ng hagdanan sa kumbento kaya’t napilayan siya. Idinagdag pa niya na ilang taon na siyang bumababa sa hagdan na iyon, pero sa pagkakataong ito, dahil sa hindi siya nakapokus sa tinatapakan, natapilok siya sa isang baytang.

Sa ganitong paraan din kumikilos ang diablo, ang kaaway natin, na parang leong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng masisila (1 Pedro 5:8) kapag nawawala ang pokus natin sa pananampalataya. Lalakas ang pundasyon ng pagiging Kristiyano natin kung nakaangkla tayo sa apat na disiplina ng pananampalataya: pag-aaral ng Salita ng Diyos sa Bibliya, regular na oras ng pagdarasal, Kristiyanong paglilingkod sa simbahan at sa kapwa at pagsali sa isang konggregasyon sa simbahan. Kapag malakas tayo sa apat na bahaging ito ng buhay pananampalataya natin, hindi mabubuwag ang depensa natin laban sa mabangis na leon. Hindi tayo matatapilok sa makitid na hagdan patungong langit. *Rolly España (rolly@homeliving.com.ph)*

Pagninilay: Kapag hinanap ka ng Diyos, saan ka Niya matatagpuan? Nagbabasa ka kaya ng Mabuting Balita o nagdarasal? Sa isang konggregasyon ba sa simbahan o sa ibang lugar at naglilingkod sa kapwa mo?

*Panginoong Diyos, Ikaw ang nagpapatatag sa akin. Ikaw ang aking lakas at kanlungan.*

***San Basil, Nakakabata, ipanalangin mo kami.***

**27**
SABADO
**MARSO**

Ezekiel 37:21-28
Jeremias 31:10, 11-12abcd, 13
**Juan 11:45-56**

*"Hindi ba ninyo naiisip na mas mabuti sa atin na isang tao lamang ang mamatay alang-alang sa bayan..." – Juan 11:50*

## KAALAMAN AT KAPANGYARIHAN NG SALITA

Noong nasa kolehiyo ako, may nagtanong sa akin, "Anong espesyal sa Kristiyanismo? Pare-pareho lang ang lahat ng relihiyon at iisa lang ang layunin: walang-hanggang kaligayahan!" Binigyan ko siya ng aking kinagawian at impersonal na sagot: "Kristiyanismo lang ang may pangako ng Mesias (Lumang Tipan) at ng katuparan ng pangakong iyon sa katauhan ni Hesu Kristo (Bagong Tipan). Walang ganoon ang ibang relihiyon." Ang "intelektuwal" ngunit di-sinserong sagot ko ay naging sapat para mapag-isipan niya iyon at magpunta sa simbahan kinabukasan. Naging aktibo pa siya sa isang relihiyosong samahan sa eskuwela. Ang mga salita ko ay ginamit para hipuin siya sa kabila ng sarili kong disposisyon. Ang natutunan ko sa libro at ang mga salitang sinambit ko ay may kapangyarihan.

Hindi gusto ni Caifas si Hesus. Higit pa riyan, gaya siguro ng mga ka-liga niya ay naging kahilingan niyang mapahamak si Hesus. Pero dahil hinirang siya bilang pinakapunong pari, ginamit ng Diyos ang kaalaman niya't mga salita para magbigkas ng propesiya. Bilang mga Kristiyano, may kapangyarihan ang kaalaman natin at mga salita. Ginagamit tayo ng Diyos bilang lagusan ng Kanyang mga biyaya. Sana'y handa tayong maging kasangkapan Niya para ihatid ang ating kapwa sa Kanya sa pamamagitan ng ating kaalaman tungkol sa Anak Niya at ng ating mga ipinagkaloob na salita. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Pinalalawak ko ba ang kaalaman ko tungkol sa Salita ng Diyos?

*Panginoong Hesus, salamat sa patuloy na paggamit Mo sa akin. Amen.*

***San Alkeld, ipanalangin mo kami.***

# 28

LINGGO NG PALASPAS

MARSO

Isaias 50:4-7
Salmo 22:8-9, 17-18, 19-20, 23-24
Mga Taga Filipos 2:6-11
**Lucas 22:14-23:56**

*Sinabi ni Jesus, "Tama na iyan!" Hinipo niya ang tainga ng alipin at ang sugat ay kaagad ring naghilom. – Lucas 22:51*

## MANINDIGAN SA PERSONAL NA MISYON

Hanggang sa punto na ito, hindi pa natatanto ng mga alagad ni Kristo ang Kanyang tunay na misyon. Isasagawa na ng Panginoon ang pinakaimportanteng yugto sa kasaysayan ng ating kaligtasan at akala pa rin ng mga disipulo na Siya'y manlulupig ng makamundong kaharian. Kaya ang isa sa kanila ay nagdala ng tabak para sa kanilang proteksyon. At hindi siya nagdalawang isip gamitin ito nang inaresto si Jesus.

Ngunit hindi hinayaan ni Kristo na may humadlang sa Kanyang misyon.

Lahat tayo ay may kanya-kanyang papel sa buhay. Hindi makakatulong sa atin na ihalintulad natin ang ating buhay sa iba sapagkat kabiguan lamang ang maidudulot nito. Kailangan nating malaman at matuklasan ang ating misyon ayon sa Diyos sapagkat doon natin makakamit ang tunay na kaligayahan at kapayapaan.

Malalaman naman natin kung ating nagagawa ang gusto ng Diyos kapag tayo ay tunay na payapa at maligaya sa ating sarili. Ang bunga ng ating mga kilos ang magsasabi kung ating natutupad ang kagustuhan ng Diyos. *Jess Santos (jesus_santos_07@yahoo.com)*

Pagninilay: Tayo ba ay tunay na payapa at maligaya sa ating ginagawa ngayon?

*Mahal kong Diyos, tulungan Mo akong matuklasan ko ang misyon Mo para sa buhay ko at biyayaan Mo ako ng lahat ng grasya upang matupad ko ito, sa ngalan ni Jesus. Amen.*

***San Castor at Doroteo, ipanalangin ninyo kami.***

# 29

LUNES SANTO

**MARSO**

**Isaias 42:1-7**
Salmo 27:1, 2, 3, 13-14
Juan 12:1-11

*Narito ang lingkod ko... siya ang magpapairal ng katarungan... Hindi siya makikipagtalo o makikipag-sigawan... liwanag sa lahat ng bansa. – Isaias 42: 1-2, 6*

## PINAKAMAHUSAY NA SUGO

Ngayon ang simula ng Semana Santa. Ipinapaalala nito sa akin ang Unang Pagdiriwang ng Eukaristiya. Kahit na Siya ang Anak ng Kataas-taasan, hinugasan ng Sugo ng Diyos ang paa ng mga Apostol. Naaalala ko ang nakakaantig na akto na ito ng pagpapakumbaba tuwing may Misa. Ipinakikita sa akin nito ang isang pag-ibig na nagpapadalisay at namamatay sa Krus.

Bilang Punong Sugo ng Diyos, hindi ipinantay ni Jesus ang sarili Niya sa Maykapal. Isinagawa Niya ang misyon Niya sa pinakamapagkumbabang paraan. Mahusay Niyang pinakitunguhan ang mga maniningil ng buwis at hindi niya hinusgahan ang nakikiapid. Sa mapayapang mga pamamaraan Niya, nakakita ang mga bulag at nailigtas ang mga nakakulong sa sarili nilang mga kasalanan.

Hatid Niya'y kapayapaan, naging tulay sa pagitan ng langit at lupa at iniugnay Niya muli ang tao sa Diyos. Ang simula ng pinakabanal at ang pinakamasayang linggo ng panahon na ito ay nag-aanyaya sa aking mabuhay para sa iba — ang kalimutan ang sarili kong kagustuhan upang makapagbigay buhay sa kapwa kong naglalakbay patungo sa buhay na walang hanggan. *Grace Princesa (grprincesa@yahoo.com)*

Pagninilay: Tulad ng mga binhi sa kadiliman ng mundo bago sumikat ang araw, ang Biyernes Santo ay dumarating bago ang Pasko ng Pagkabuhay.

*Panginoon, bilang sugo Mo, nawa'y matupad ko ang mga layuning nais Mong tuparin ko habang ako'y nabubuhay sa mundong ito — tulad ng ginawa Mo sa maikling panahong nabuhay Ka sa mapagmahal, mapagkumbaba at mapag-pakasakit na paglilingkod.*

***Sta. Gladys,ipanalangin mo kami.***

**30**

MARTES SANTO

**MARSO**

Isaias 49:1-6
Salmo 71:1-2, 3-4a, 5ab-6ab, 15, 17
**Juan 13:21-33, 36-38**

*"Iaalay mo ang iyong buhay dahil sa akin?" – Juan 13:38*

# PAG-IISA

Noong bata ako, ipinasulat sa amin ng titser ang dalawang pinakamatalik naming kaibigan sa klase. Tapos gumawa siya ng talangguhit ng pagkakaugnay naming lahat. Wala ni isa sa kanila ang nagsulat ng pangalan ko. Bagama't hindi naman isang madamdaming karanasan iyon, pakiramdam ko noo'y nag-iisa ako.

Nang nakilala ko nang personal si Hesus, isinapuso ko ang Kanyang Salita at naglingkod ako sa Kanya pero hindi ito tinanggap nang mabuti ng pamilya ko. Pakiramdam ko noo'y nag-iisa ako.

Matapos kong ibigay ang oras ko sa paglilingkod sa Panginoon sa isang komunidad, sinabihan ako ng mga lider nito na tumigil na sa paglilingkod doon nang hindi nila ipinaliwanag kung bakit. Nasaktan ako at talagang pakiramdam ko noo'y nag-iisa ako.

Sa Ebanghelyo ngayon, tinukoy ni Jesus ang pagtatwa sa Kanya ng mga taong malapit sa Kanya — mga sumalo sa Kanya sa hapag-kainan, nakamalas at nakinabang sa mga milagrong ginawa Niya! Nakaranas ang Panginoon ng malalim na kalungkutan. Naramdaman Niyang nag-iisa Siya. Sa krus, nakadama Siya ng lubos na kawalan ng ugnayan, sapat para sabihin Niya, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" Siya ang nagbuwis sa pagtitiis at pagtatagumpay nang makayanan nating pagdaanan ang pighati ng "pag-iisa" karamay Niya... at matamasa ang makapiling Siya. *Ariel Driz (adriz77@yahoo.com)*

Pagninilay: Lumapit na ba ako kay Hesus sa mga sandaling nalulungkot ako?

*Hesus, salamat at nakikiramay Ka sa akin tuwing nakararanas ako ng kalungkutan.*

***Banal na Amadeus IX ng Savoy, ipanalangin mo kami.***

31

MIYERKULES SANTO

**MARSO**

Isaias 50:4-9a
Salmo 69:8-10, 21-22, 31, 33-34
**Mateo 26:14-25**

*Si Hudas na magkakanulo sa kanya ay nagtanong din, "Guro, ako po ba?" Sumagot si Hesus, "Ikaw na ang nagsabi." – Mateo 26:25*

# *MEA CULPA*

"Niyanig ako talaga — hindi naman dahil sa napakahirap noon, kundi napakadali." Ang paksa? Pagsisinungaling. Isinulat ni Corrie Ten Boom ang mga salitang katulad nito sa aklat niyang *The Hiding Place*, ang kuwento ng karanasan ng pamilya niya noong *World War II* kung paano nila itinago ang mga Hudyo at kinalauna'y nakulong sila ng mga Nazi.

Ang karanasan niya'y mahirap at naganap sa ibang situwasyon kaya hindi ko na tatalakayin iyon. Naiisip ko kung gaano kadali kong pinalalagpas ang sarili kong mga pagkakamali, nguni't hinuhusgahan ko ang pagkakamali ng iba. At isang uri rin ito ng pagsisinungaling. Naaalala ko si Hudas sa talata ngayon na nagsasabi, "Guro, ako po ba?" Tila inosente habang panandaliang kinalimutan ang plano niyang pagtaksilan si Hesus.

Ngayong Miyerkules Santo, alalahanin natin na may pagkakatulad tayo kay Hudas: nagtaksil tayo sa Panginoon sa iba't-ibang paraan — para sa kaligayahan, sa pera, sa ambisyon, sa kaunting oras para sa sarili. Huwag na nating dagdagan ito sa pamamagitan ng di pag-amin sa ating pagiging makasalanan.

*Mea culpa, mea culpa, mea maxima culpa*. Kasalanan ko, kasalanan ko, napakatindi kong kasalanan. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Dadalhin ka ng kasalanan sa mas malayo sa nais mong marating, pananatilihin ka nang mas matagal sa nais mong itagal, at pagbabayarin ka nang higit sa nais mong pagbayaran." (Anonymous)

*O Panginoon, kaawaan Mo akong makasalanan.*

***San Benjamin, ipanalangin mo kami.***